


## JEHOVAH-JIREH <sup>3</sup>

 Iyuko natin ang ating mga ulo pansumandali para sa panalangin.

*At pinanganlan niya ang dakong iyon ng Jehovah-jireh: gaya ng . . . nakikita . . . Sa bundok ng PANGINOON hanggang . . . sa araw na ito.*

<sup>2</sup> Makalangit naming Ama, kami po'y nagpapasalamat sa gabing ito na nagkaroon kami ng pribilehiyong ito na makapag tipon-tipon sa Pangalan ng Panginoong Jesus, para sambahin Siya sa Espiritu ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. At kami po'y lubos na nagpapasalamat talaga sa Iyo, dahil sa bagay na Iyong ginawa para sa amin, ang pagpapakilala sa Iyo mismong Sarili sa pamamagitan ng Salita sa kalagitnaan namin, at sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli. Haya't ang pag-asa nami'y nakatayo nang mataas, Panginoon, dahil nalalaman namin na—na ang Diyos na pinaglilingkuran namin ay di diyos ng lipas na kasaysayan, kundi Diyos ng pangkasalukuyan, ang Siyang nagbangon mula sa patay, at napatunayang ang Diyos na naroon noon kay Moises, at kay Abraham, at sa lahat ng mga alagad, ay ang nananatiling siya pa ring Diyos. At kaya naman kami . . . Kami'y nakikiisa kay Eddie Perronet, nang kanyang sabihin, “Nakatayo ang aking mga pag-asa sa wala nang hihigit pa kundi sa katuwiran ni Jesus at Kanyang Dugo.” Kaya naman, amin Ka pong pinasasalamat para sa dakilang kaginhawaan at kaaliwan na kamit namin.

<sup>3</sup> Ama, sa gabing ito, kung mayroon pong isa sa amin dito, ngayong gabi, na di pa kamit ang dakilang pag-asa na ito, nawa po ang oras na ito'y maging ang oras na yaong dakilang Walang Hanggang Katotohanan na 'yun ay mahayag sa kanila, Ama, na malaman nila na ang dahilan kung bakit narito sila sa lupa ay di lang para—para magtrabaho. At mangyaring isa lang po 'yan sa mga dahilan. Pero ang pinaka pangunahing dahilan ay ang maging anak na lalaki o anak na babae ng Diyos. At nawa maisakatuparan 'yan, ngayong gabi. Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon.

<sup>4</sup> Iyo pong pagpalain kami sa aming pagbubuklod-buklod sa palibot ng Iyong Salita. Ang Iyong Salita ang Katotohanan. At nawa'y kunin ng dakilang Espiritu Santo ang Salita ng Diyos at Ito'y ipagbaha-bahagi sa amin sa paraan na amin mismong pangangailangan, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Maaari na kayong maupo.

<sup>5</sup> Salamat po sa pagkakataon na ito na makabalik muli sa gabing ito, at ang makaharap kayo na maiinam na madla muli

dala-dala ang maluwalhating Ebanghelyong ito. Naanunsyo na namin na, ngayon, bukas ng umaga ang Sunday school, ang mga nakiisa't nakikipagtulangang mga pastor ay magkakaroon ng isahang Sunday school sa dako rito. Sa palagay ko talagang mainam po 'yan. At marami sa kanila ang nagpalabas ng mga mauupuan mula sa kani-kanilang mga simbahan at dinala ang mga 'yun dito para sa mga tao, at tunay na napaka inam po na tapat na pagkukusa 'yan para sa mga tao na gawin ang bagay na 'yan.

<sup>6</sup> Tayo nga'y nagpapasalamat sa Diyos para sa mainam na panahon na Kanyang ibinigay sa atin. Ang sabi sa bali-balita'y magkakaroon daw ng mga bagyo't kung anu-ano, dadalas daw. Pero Kanya ngang pinigilan ang mga bagyo, at di po tayo nakaranas ni katiting na pagkaantala. Tayo'y nagpapasalamat dahil diyan.

<sup>7</sup> At ngayon, inilaan ang gabing ito. . . Tayo'y nagdadaos ng regular na mga pagi-ebanghelyong gawain. At kung may mga baguhan po na narito kasama natin. . . Di pa natin masyadong nabibigyang-diin 'yung tungkol sa—sa mga makasalanan sa paglapit nila kay Cristo. At kumuha ako ng isang tekstong nung Huwebes ng gabi, at di pa ako nakakadako roon. Nandun pa lang tayo na pinag-uusapan ang tungkol kay Abraham, at di pa tayo nakakadako kung tutuusin sa tekstong 'yun, ng *Jehovah-Jireh*. Kaya sisikapin natin na matapos 'yan sa gabing ito. At nagtitiwala tayo na ililigtas ng Panginoon ang bawat isa na di pa ligtas na tao, at pupunuin ang bawat isa na di pa napupuno ng Espiritu Santo, sa gabing ito.

<sup>8</sup> Ngayon pagbulayan n'yo po 'yan nang maigi habang tayo'y narito. At habang tayo'y—habang tayo'y nangungusap, buksan n'yo ang puso n'yo nang sa gayon ang Espiritu Santo mismo'y makapangusap sa kaloob-looban n'yo. Ano po ba talaga ang ginagawa natin dito, kung tutuusin? Sige po't bulayin n'yo. Ano, ano ba ang takbo ng buhay n'yo ngayon? Ano ang dahilan at kayo'y narito? Ang Diyos ba'y. . . Kayo ba'y nasa kalagayan na na magagawa ng Diyos na ang lahat—lahat ng dahilan kung bakit kayo inilagay Niya rito, ay maipamutawi na mula sa inyo? Kung hindi pa, haya't atin nang ayusin ito ngayong gabi, mga kaibigan. Kung tutuusin. . .

<sup>9</sup> May—may ilang kaibigan ako na narito sa paligid, mula sa aking iglesya. Ang ilan sa kanila. . . May isa sa mga katiwala, na nakikilala ko, at dalawa o tatlo pang mga kapatiran. Haya't namumukhaan ko ang isang bagong pamilyang nakaupo rito, sa gabing ito, ang mga Palmer mula sa dakong ito rito sa kung saan, na nagmamaneho po ng ilang daang milya rin kada—kada Linggo na mangungusap ako sa Indiana. At si G. Welch Evans at ang kanyang pamilya ay narito rin sa kung saan. Di ko lang alam kung saan sila nakaupo. Ako. . . Ngayong araw na ito, ako po'y nag-aaral, nang halos buong araw, at nauulinigan ko ang mga

bores nila diyan sa labas. At kaya alam ko—alam ko na narito sila sa kung saan sa paligid.

<sup>10</sup> Ngayon, bukas, bukas nang alas dos. [May isa na nagsasabi, “Alas dos.”—Pat.] Alas dos, bukas, ang buong gawain ng bukas ng hapon ay ilalaan para sa mga maysakit, para manalangin para sa mga maysakit. Ngayon, maraming tao ang tawag nila sa gawaing ’yun ay pagpapagaling. Buweno, di po natin gusto na ang tawag natin dun ay ganoon. Dahil, tawagin natin ’yun na gawain ng pagsampalataya. Mangyaring, kung ang ating pananampalataya ay maka-aabot sa kalagayang ’yun, matapos na Siya’y mapagkilala sa kalagitnaan natin, at matalos mismo ang lahat ng nasa puso natin, at pinatunayan ’yun sa atin, kita n’yo, na Siya nga’y nabubuhay, at pinagtitibay ’yun mismo sa pamamagitan ng Kasulatan.

<sup>11</sup> Napansin n’yo ba kung papaanong pinatutunayan Niya ang bawat Salita, sa pamamagitan ng buhay Niyang Presensya? [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen.”—Pat.] Kita n’yo? Kita n’yo? Kita n’yo? Ngayon, ipinapakita nga n’yan na di ka lang basta nagsasabi-sabi ng kung anu-anong bagay na para bang kathang-isip lang. Kung ano mismo ang ipinangako ng Biblia, ’yun mismo ang Katotohanan. Kita n’yo? Ngayon ang bawat Salita po ay totoo.

<sup>12</sup> Ngayon, marahil wala pa akong sapat na pananampalataya para mapakilos ang bawat Salita Nito, pero tunay ngang di ako hahadlang sa iba na taglay na ang pananampalatayang ’yun. Si Enoc nga’y nagtaglay ng sapat na pananampalataya, isang araw, para maglakad isang hapon kasama ang Diyos, at hayun nga’t nagpatuloy siya sa paglalakad, na siya’y nakaakyat sa Tahanan na di na kinailangan pang mamatay. Ngayon, iniisip ko na ang Iglesia ay kinakailangan ngang makaabot sa ganoon, tungo sa pananampalatayang magdadala sa Pag-agaw. Marahil wala pa ako nung pananampalatayang ’yun sa ngayon, pero tunay ngang di ako hahadlang sa kung sinuman na taglay na ang pananampalatayang ’yun.

<sup>13</sup> Kaya, umaasa tayo na pagkakalooban tayo ng Diyos ng dakilang pananampalataya, at, bukas nang sa gayon wala nang nanghihinang tao ang maiiwan sa gusali, kapag sila’y dumulog na sa pananalangin. Atin lamang sasampalatayanan ’yan. At ngayon kung masasampalatayanan nga natin ’yan! Ngayon, makailang ulit ko nang nasaksihan ’yan!

<sup>14</sup> Minsan nga nasaksihan ko ang dalawampu’t limang libo, hayun nga’t isipin n’yo, hindi po dalawampu’t limang daan, dalawampu’t limang libo ng kamangha-manghang kagalingan na naganap sa isang panalanginan lamang: sa Durban, Timog Aprika. Naghakot sila noon, di ko alam kung ilang malalaking van, na inyong . . . Dalawa lang nun ay mapupuno na ang buong dako *rito*, kung ’yung mga ipagkakasya roon, malalaking van

ng Briton, de anim at de walong gulong, hayan nga, talagang sunud-sunod na mga van, dumarating, hakot-hakot 'yung mga tungkod at mga silyang de gulong, o 'yung kung anong silyang de gulong sa lugar nila, mga mumunting pangkarga ng mga maysakit. Haya't doon kinakarga't sinusuong ang kagubatan. At kung habulin sila ng leon, iaakyat lang nila 'yun sa ibabaw ng punongkahoy. At haya't nagsipuntahan sa pagtitipon. At heto rin na makita, dun mismo sa entablado, ang isang batang lalaki.

<sup>15</sup> Yung unang umakyat dun sa entablado ay isang—ay isang babae. At may marka siya ng pagka-Mohammed, may pulang tuldok siya sa pagitan ng mga mata niya. At tinanong ko siya kung nakakapagsalita siya ng Ingles. At ang sabi niya, “Kaunti lang.”

Tapos sabi ko, “Nakikita ko na isa kang Mohammedan, Mohammedan.”

Sabi niya, “Tama po.”

<sup>16</sup> Sabi ko, “Ano ang ipinunta mo't dumulog ka sa akin, ako nama'y isang Cristiano? Bakit hindi ka magpunta sa inyong imam?”

Sabi ng babae, “Naniniwala po kasi ako na matutulungan mo po ako.”

<sup>17</sup> At sabi ko, “Buweno, di kita kayang tulungan, maliban na lang, kung makasampalataya ka kay Jesus Cristo.”

Tapos ang sabi niya, “Buweno, nasaksihan ko po ang mga gawain.”

<sup>18</sup> Tatlong araw pa lang kami roon. May, nasa dalawang daang libo ang nakaupo roon, sa lugar na 'yun. Mangyaring may inilagay silang mga pangharang dun para sa kanila, dahil 'yung mga tao ay may alitang pang-tribo, hayan nga.

<sup>19</sup> Haya't ang sabi ko, “Buweno, ngayon, kinakailangan mong manampalataya kay Jesus Cristo.” Tapos ang sabi ko, “Nabasa mo na ba ang—ang Bagong Tipan?”

Sabi niya, “Nabasa ko na po.”

<sup>20</sup> Tapos ang sabi ko, “Ano ang masasabi mo sa Mensahe na ipinangusap ko, tungkol sa Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman?”

Sabi niya, “Sinampalatayanan ko.”

<sup>21</sup> Tapos sabi ko, “Kung ang Panginoong Jesus ay nabubuhay ngayon, pinagaling ka na Niya. Nang dahil sa pagdurusa Niya, ginarantiya na ito. Pero kinakailangan mong magkaroon ng pananampalataya. At mangyaring kung Siya'y narito ngayon, makikilala ka nga Niya kung sino ka. Matatalos Niya kung ano ang mga nagawa mo. Matatalos Niya ang lahat ng tungkol sa iyo. Sinampalatayanan mo ba 'yun?”

Sabi niya, “Opo, ginoo.”

22 Sabi ko, “Kung ipapahayag Niya ’yun, nananampalataya ka ba na Siya, kung ganoon, yamang Siya ang Anak ng Diyos, at binangon mula sa patay, at magpakailanmang nabubuhay dito ngayon? Ang Kanyang Espiritu ay narito sa akin, at sa iba pang mga Cristianong narito?”

Sabi niya, “Sinasampalatayanan ko.”

23 Sabi ko, “Ang ipinunta mo rito... Ang asawa mo ngang lalaki ay maliit, na matabang lalaki. May itim siyang bigote. Dalawang linggo ang nakararaan, naroon kayo sa isang doktor. Ganito ang pangalan mo.” Di ko ’yun maisulat, di ko mabigkas. Kinakailangan kong baybayin. Pangalang Mohammedan kasi.

Sabi nung babae, “Tama po.”

24 Tapos sabi ko, “Hayan din, na ang asawa mong lalaki ay naghihintay sa pasilyo. Kulay abo ang suot niyang amerikana at kulay abelyana naman ’yung sumbrero.” Sabi ko, “Yung doktor ay may katangkarang lalaki, payat, makapal ang frame ng antiparang suot niya. Isinailalim ka niya sa pambabaing pagsusuri, at nakita niya na may bukol ka sa obaryo.”

Sabi ng babae, “Totoo po.”

Sabi ko, “Tinatanggap mo na ba si Jesus bilang iyong Tagapagligtas?”

Sabi niya, “Nawa’y si Jesus ay maging Tagapagligtas ko na.”

Ang kasunod ay batang lalaking duling.

25 At mangyaring nililimitahan nila ang mga misyonero, na kukuha ng tig-isa o tigelawa lang mula sa bawat tribo. Di n’yo kasi mapipigilan ’yung madla, di n’yo mapipigil. Kaya, may daan-daan silang sundalo dun na sinusubukang pumigil sa kanila, at di nila mapigil.

26 At mangyaring ang kasunod ay ’yung munting, batang lalaki na duling, pinasampa na nila dun sa entablado, na mga *ganoon* ang distansya.

27 At dun sa ibabaw ng entablado, may ubod ng laki na mga Calla lily. Kayo na mga kapatirang babae rito’y, magugustuhan n’yo ang mga bulaklak na ’yun! Ang ilan sa mga Calla lily na naroon ay nasa labing-walong pulgada ang lapad; may dilaw, puti, magaganda. At mayroon nga sila roon. Tumutubo lang ’yun sa kung saan-saan sa kanila. Naglagay sila ng ilang mga tungkos nun sa palibot.

28 At nagsasalita po ako noon. Pinasampa nila ’yung munting bata sa ibabaw. Pinasampa siya nung misyonero. Yung batang lalaki ay duling. Katatapos lang din niya noong mananghalian.

29 Minsan ’yung kanilang—kanilang kinagawiang pagkain dun ay kakatwa. Kakakain lang niya... Nung ginagamitan nila ng maliit na patusok na balahibo ng ibon at bubutas nang kaunti sa ugat ng baka, magpapatulo dun sa loob ng kung tawagin nila

ay—ay balde. Parang munting sisidlang sako 'yun, na pinag tahi-tahing balat ng hayop, at patutuluin 'yung—'yung dugo, mainit-init pang dugo, patutuluin dun. Tapos may kaunting gatas na ihahalo roon, at hahaluin hanggang sa bumuo-buo, nagiging—nagiging masarap na lollipop 'yun.

Di nga kayo kakain nun, hindi ba, iha? Hindi.

<sup>30</sup> Hayun po, mangyaring, siya, 'yun ang kinakain nung bata bago 'yung oras na 'yun. At 'yung maliliit niyang mga mata ay duling. Sabi ko, “Ngayon, kahit naman sino ay makikita nila, malalaman kung anong problema sa bata. Duling siya. Kung magagawa ko lang tulungan ang bata,” sabi ko, “gagawin ko. Pero di ko—di ko po kaya, katulad ng sinuman na wala ring magagawa.” Sabi ko, “Kung kaya ng isang doktor, tapos, kung di niya gagawin, aba sobra naman yatang walang puso ang doktor na 'yun, kung magagawa naman ng doktor na sagipin 'yun.” Sabi ko, “Pero sa palagay ko ay wala pa silang paraan para lutasin 'yun sa ngayon.”

<sup>31</sup> Sabi ko, “Pero, ngayon, magagawang ihayag ng Panginoon sa akin ang tungkol sa batang ito.” At pagkatapos, sabi Nito, “Ang batang lalaki, ang kanyang tatay at nanay ay kapwa mga payat.” Mangyaring. . . Ang nanay ay isang Zulu, at kadalasan sila po'y matataba. Sabi ko, “Heto nga sila na nakaupo rito ngayon. Ang pangalan nila'y *ganito-at-ganoon*.” Tapos sabi ko, heto, “Ang batang lalaki ay ipinanganak na duling na. Dahil, ang nanay. . . Sila'y mula sa. . . Cristiano ang paniniwala nila, dahil dun sa loob ng munting, pawid na kubo, may larawan dun ni Cristo, na nakasabit sa kanang-bahagi ng dingding.”

<sup>32</sup> Tapos sabi ko, “At 'yung bata, nung ipakita na nung nanay ang bata sa tatay, ang bata ay duling na.” Haya't tumayo ang tatay at nanay, para patunayan na totoo 'yun. Pagkatingin ko dun sa munting bata, ang mata niya'y tuwid na tulad sa akin.

<sup>33</sup> Kaya sabi ko, “Ngayon, nakita n'yo, ang Panginoon,” sabi ko, “ni wala pa nga akong sampung talampakan ang lapit sa bata, haya't ang bata ay gumaling na.”

Pinalakad na. At tinawag ko na ang kasunod.

<sup>34</sup> At nung nangyayari 'yun, may narinig akong ingay. Sina Dr. Bosworth at Dr. Ern Baxter, na mga tagapangasiwa ko, ng gawain, parang nakikipagtalo sila sa isang lalaki roon, at ako naman. . . medyo may ingay na roon. Yung lalaki kasi'y gustong sumampa dun sa entablado, o sinusubukan niyang umakyat dun. At may ilang mga doktor dun, mga doktor ng medisina na nakaupo roon. Mangyaring itong doktor ng medisina, ang sabi niya—sabi niya, may sinasabi nga siya noon. Ang sabi niya, “Gusto kong kausapin siya tungkol sa batang 'yun.”

Bumaling ako, sabi ko, “Ano pong problema, doktor?”

Sabi, “Paano mo nalaman na doktor ako?”

35 Tapos sabi ko, “Isa ka pong doktor. Ika’y . . . Lumaki ka, sa Inglatera. Isa kang Briton na doktor.” Tapos sinabi ko sa kanya kung saan siya nakapag-eskuwela.

36 Sabi tuloy niya, “Ngayon, G. Branham, nauunawaan ko na sa pamamagitan ng pagbabasa ng isip ay puwedeng—puwedeng basahin kung ano ang nasa isip ko.”

Sabi ko, “Hindi ko po binabasa ang isip n’yo, doktor.”

37 Tapos sabi niya, “Pero ang di ko lang maunawaan . . .” Sabi, “Naniniwala ako na may Diyos talaga. At alam ko rin na ang bulaklak na lila ay hindi puwedeng mabuhay ng walang Diyos,” sabi, “dahil may buhay ’yun sa loob nun.” Sabi niya, “Pero Siya ba’y nahahawakan? Ako ang nagpasampa sa bata sa entablado. Ako mismo ang umeksamin. Ang mga mata nito ay talagang duling nung oras na ’yun. At samantalang heto nga ang bata ngayon na tuwid na ang mata. Ano ang nagbunsod po nun, G. Branham?”

Sabi ko, “Si Jesus Cristo.”

38 Tapos sabi niya, sabi niya, “Buweno, ngayon tingnan mo,” sabi niya, “Naniniwala naman ako sa Diyos.” Sabi niya, “Pero gusto ko lang tanungin ka ng isang katanungan, bilang isang ministro ngayon. Hinipnotismo mo ba ang bata?”

39 Sabi ko, “Ginoo, haya’t ang ibig mo po bang sabihin ang—ang British Medical Association na nagbigay sa’yo ng lisensya para magsanay ng medisina, at hindi ba’t mas angkat ang iyong nalalaman kaysa sa hipnotismo? Dahil kung magagawa ng hipnotismo na ituwid ang mata ng batang ’yun, o di sana ang sinasanay mo ngayon ay hipnotismo.” Kita n’yo?

At kaya ang sabi niya, “Buweno, sige’t sabihin mo na lang sa akin kung ano ang nagbunsod nun.”

Ang sabi ko, “Si Jesus Cristo.”

Sabi niya, “Tingnan mo,” sabi, “Naniniwala naman ako. Ang sabi ko pa nga’y ang Diyos ay nasa bulaklak na lila.”

40 Tapos sabi ni G. Bosworth, “Ngayon, magpapasimula ka ng gulo rito.” Dahil, may segregasyon sila, rin, dun, alam n’yo.

41 Tapos kaya sabi ko, “Magpapasimula ka . . .” Tapos, alitang pang-tribo. Sabi ko, “Magpapasimula ka ng gulo dahil diyan. Huwag mong gawin ’yan.” Sabi ko, “Masyado mong kinakain ang oras tungkol sa batang ’yun.”

42 Haya’t ang sabi ko, “Heto ang kailangan mong mapagtanto. Naroon kanina ang bata. Kayo mismo ang nagpasampa rito sa entablado. Sariling taglay na pananampalataya mismo, at ng pananampalataya nung nanay, sa pamamagitan ng pagdeklara nun, ang nagpagaling sa bata. Duling ang mga mata nito roon, ni di nga ako nahipo, o lumapit man sa palibot ko, o anuman. Ni di ko rin halos tiningnan at nakita ang bata, bumaling ako rito

sa kongregasyon, nakita ko 'yung pangitain, sinabi ko kung ano 'yun, tapos bumaling uli, at 'yung mga mata ng bata'y tuwid na."

<sup>43</sup> Tapos lumakad siya palapit dun sa tapat nung malaking de-palmadang mikropono. Sabi niya, "Tinatanggap ko si Jesus Cristo bilang aking Tagapagligtas." Kita n'yo?

<sup>44</sup> Nung paalis na ako ng Durban, tumalon siya dun sa ibabaw ng pangharang na bakod, kung saan napakarami, mga nasa sampu, dalawampung libong tao ang naroon sa labas para magpaalam, at . . . O, paalis po pala (hindi ng Durban, pasensya na po) ng Johannesburg po pala. Haya't lumundag siya dun, at hinawakan niya ako sa bandang baywang ko, nang *paganito*, at sinabi niya sa akin na tinalikuran na raw niya ang pagsasanay niya ng medisina sa siyudad, at babaling na raw siya roon sa pagmimisyon sa labas, bilang misyonerong medikal sa siyudad. At habang nakikipag-usap siya sa akin, bigla na lang siyang nagsalita sa iba't ibang wika, habang nakikipag-usap siya sa akin. Totoo po, isang doktor ng medisina, Anglican, Anglican.

<sup>45</sup> Yung kasunod dun ay maliit na batang lalaki, o binatilyo. Yung binatilyo . . . Wala na po yata akong oras para idetalye pa ito nang maigi. Haya't . . . Yung binatilyo nga'y, siya—siya po'y lumalakad gamit ang mga kamay at paa niya, nang paganoon. May tali pa siya sa leeg, na parang aso.

<sup>46</sup> Tapos sabi ko tuloy, "Naku, ikaw . . ." Yung kaawa-awang binatilyong 'yun, kung may makakatulong lang sana sa kanya, tapos hindi tutulong, napaka lupit naman ng puso ng taong 'yun. Sabi ko, "Mangyaring, hayan nga, hindi ko siya kayang pagalingin, alam naman 'yan ng kahit sino. Di ko siya kayang pagalingin. Ang magagawa ko lang po ay sabihin kung ang Panginoon ay magpapakita sa akin ng bagay na nangyari, o kung anong nagdulot nun, o kung ano. Dahil ang kagalingan ay binili na."

<sup>47</sup> Ngayon, kayo na mga narito, na may sakit, gusto kong mapagtanto n'yo 'yun. Ang kagalingan ay binili na. Pinagaling na kayo. May kakulangan lang sa pananampalataya. Ang lahat ng mga bagay ay posible't maipangyayari sa kanila na mga sumasampalataya. Kinakailangan n'yo lang sampalatayanan 'yan ngayon.

<sup>48</sup> At mangyaring pagkatapos ay nakita nga natin dun 'yung munting . . . 'yung kabataan na 'yun dun, sabi ko—sabi ko, "Sige dalhin n'yo siya rito sa itaas."

<sup>49</sup> Haya't parang akay-akay nila siya roon sa pamamagitan nung tali. At sa isip-isip nung binatilyo, hayan po, kung minsan kasi naiisipan ng mga tribo na magtanghal ng nakakaaliw na palabas para sa mga turista. At kaya nagsasayaw-sayaw sila, alam n'yo, kung anong pang-tribong sayaw, para makakuha ng mga barya mula sa mga turista. At akala niya gusto ko siyang magsasayaw dun. Yung binatilyo po'y wala sa katinuan maging



ang pag-iisip niya. At, siyanga, di ko lang masabi 'yun sa madla rito na halo-halo tayo rito, dahil 'yung mga tao roon ay di sila nakadamit, alam n'yo. Yung mga kababaihan nila, kalalakihan, at lahat po, nakahubad sila. Mangyaring sila'y—sila'y parang naka ano lang . . . marahil bahag lang, o kung ano. Pero 'yung binata nga'y naroon na ang mga kamay at paa'y nakalapat sa lupa, at kalunus-lunos po talaga. Kaya haya't ako . . . Akay-akay nila 'yung binatilyo dun gamit ang tali, nang *paganoon*, at dinala siya sa itaas; nakapaikot 'yun sa leeg niya, akay-akay siya. At para bang sinusubukan niyang, pamuwestra-muwestra dun, “A-ba-ba-ba.” Sinubukan kong ipaintindi sa kanya na hindi 'yun ang gusto ko. Ako . . .

<sup>50</sup> “Sa Zulu interpreter,” sabi ko, “ngayon sabihin mo ang mga salitang ito. Sabihin mo sa kanya na pumirmi lang siya sa puwesto niya at manampalataya lamang.”

<sup>51</sup> Tapos tumingin siya sa akin nang *paganoon*. Tapos—tapos sabi ko, “Ngayon, ang binatilyo po'y . . . Ganito na ang lagay niya mula ng maliit na batang paslit pa lang siya.” Sabi ko, “Haya't ang kanya mismong . . . Ang iniisip niya ngayon, ay ang kapatid niyang lalaki. Ang kapatid niyang lalaki ay nakasakay sa parang dilaw na aso, o kambing. Nahulog siya mula roon.” Tapos sabi ko, “Yung kapatid na ito'y napilay niya ang sarili niya. Gamit niya ang dalawang tungkod para makapaglakad.” Tapos sabi ko, “Ngayon, nakikita ko na ang binatang ito ay magaling na. Siya, kanyang itinapon na ang mga saklay niya.”

<sup>52</sup> Nung mga oras pong 'yun, inabot ng dalawampung minuto para humupa ang ingay ng mga tao. Yung binata kasing 'yun ay naroon na mga tatlong bloke ng siyudad ang layo, sa gawi *roon*. Heto na nga ang binata na parating, na 'yung mga tungkod ay nasa ibabaw na ng mga kamay niya, talagang kumakaripas ang takbo. Gumaling ang binata, haya't tumatakbo sa gawi *roon*, sa Zulu interpreter. May labing-limang iba't ibang interpreter ang nakatayo roon. Kapag may sasabihin ka, kinakailangan mong maghintay hanggang sa matapos ang lahat ng mga interpreter na naroon. Hayun na ang binata, nakataas 'yung mga tungkod sa ibabaw ng ulo niya, nang *paganoon*. Magaling na mismo.

<sup>53</sup> At—at pagkatapos ako—ako po'y tumingin sa paligid. Tapos nakakita ako, uli, nakita ko 'yung binatilyo naman, nakita ko ang binatilyong 'yun na nakakatayo na. Yun po ang pangitain. Walang makahahadlang dun. Wala. Tapos na 'yun dun, kita n'yo; hinihintay lang ang pagdedeklara ng salita.

<sup>54</sup> Ngayon, heto po. Itong parating na Lunes ako po'y maglililimampu't limang taong gulang na. Kaarawan ko po. At mula nung maliit na batang paslit ay nakakakita na ako ng mga pangitain. Ni isa ay wala akong nakita na nabigo. At gusto kong tanungin ang sinuman kung may nakita silang kahit isa, na

nasabi, na nabigo. Hinding-hindi 'yun maaaring mabigo. Ang Diyos kasi 'yun.

<sup>55</sup> Mangyaring, heto po't nakita ko 'yun. Tapos sa isip-isip ko, "Heto na ang pagkakataon ko na dumako sa...na—na magtawag ng pagdulog sa altar. At nakita ko siyang tumayo. Alam ko mismo na siya'y mapapagaling na, dahil, kita n'yo, ipinakita na mismo. Kinakailangan na mangyari 'yun nang paganoon. Yun ang sinasabi ng pangitain. Yun ang eksaktong katotohanan talaga.

<sup>56</sup> Ilan po ang nakakaalam na ang mga bagay na 'yun ay totoo talaga? Ito po'y, para makita rin naman ng mga baguhan dito. [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Totoo po. Kahit kailan, di po nabigo. Ibinubunsod ng Diyos sa tuwina na ito'y tama talaga.

<sup>57</sup> Sa isip-isip ko noon, "Heto na ang oras ko para magtawag ng pagdulog sa altar." Sabi ko, "Ngayon, ang binatilyo rito, di ko siya kayang pagalingin. Pero kung ang kapangyarihan ng Diyos ang nagpakita na mismo sa'kin ng pangitain, kung ganun siya'y gagaling talaga ngayon. Ngayon, kung di siya gagaling, ako po'y bulaang propeta kung ganun. Pero kung gumaling siya, ilan sa inyo riyan ang tatanggap kay Cristo bilang sarili n'yo mismong Tagapagligtas?" Mayroon, sigurong, sampung libong Mohammedan ang naroon noon.

<sup>58</sup> May nakausap ako, mga ilang araw pa lang ang nakararaan bago 'yun, na isang intelektuwal na lalaki. Ang sabi, "Ang pinagpalang tropeo na 'yun!" Alam n'yo po, kinagisnan nila 'yung dating Medo-Persia. Di sila sumasaliwa o may binabago man. Di mo nga mababago ang kahit isa sa kanila.

<sup>59</sup> Kaya, haya't mangyaring naroon sila, nakaupo roon. Yung isa sa mga Mohammedan na babae'y katatanggap lang noon kay Cristo, at naimpluwensyahan sila nun. At 'yung anak na lalaki ni Mahatma Gandhi ay naroon din.

<sup>60</sup> Haya't, naroon nga—naroon nga 'yung binatilyong 'yun. At kaya ang sabi ko, "Tumayo ka na sa iyong mga paa mismo. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo." Buweno, 'yung binatilyo nga noon ay paganoon-ganoon pa rin, "Ug-ug-ug," parang ganoon. Lumapit ako at hinawakan ko 'yung tali sa kamay ko. Sabi ko, "Tumayo ka. Pinagaling ka na ni Jesus Cristo."

<sup>61</sup> Ngayon, heto po ang Biblia. At kung nalalaman n'yo lang kung ano ang nangyari sa huling ilang mga gabing ito, hiding-hindi po ako magsasabi ng kung anong bagay na mali, sa bagay na ito.

<sup>62</sup> Hayun nga, ang binatilyong 'yun na talagang nagdurusa nang gaya nun, 'yung paglalakad niya, 'yung likod niya mismo ay baliko, na parang balikong-likod ng kabayo. Yung mga kamay at paa niya; haya't puro kalyo ang mga kamay niya gaya ng paa niya, dahil sa paglalakad nang paganoon. Haya't sa

pinakaunang pagkakataon sa buhay niya, tumayo siya sa kanya mismong mga paa. Yung mga luha niya’y tumulo sa mismong maitim niyang tiyan, nang *paganoon*, umagos mismo pababa, nang paganoon. Di lang siya pinagaling mula roon, haya’t pati ang pag-iisip niya’y normal na. Kita n’yo?

63 Kita ko, sabi ko, “Ngayon sa inyong lahat na mga magsisi sampalataya, sila’y manampalataya na mismo ngayon habang ako’y mananalangin. Gusto kong malaman kung ilan rito,” sabi ko, “ang tatanggap kay Cristo bilang Tagapagligtas?” At para pong karagatan sa dami. At ang naitala nila’y tatlumpung libong mga katutubo na nakakumot lamang, na di alam kung alin ba ang kanan sa kaliwang kamay, na nagsilapit mismo kay Cristo.

64 Naalala ko nung nagsalita ako noon sa Kiwanis, di pa katagalan. At heto rin na naalala ko ’yung lalaki na nag-ordena sa akin sa iglesya ng Missionary Baptist, na laging ginagawang katatawanan ito. Sabi ko, “Ang tinatawag n’yo na mga Bap- . . . Ang tinatawag n’yo na panatisismo, kita n’yo, ay nakapag wagi ng mas maraming kaluluwa patungo kay Cristo sa loob lamang ng isang oras, kumpara sa makasampung libo-libong dolyar na inilalagay ng iglesyang Baptist sa pagmimisyon sa dako roon.

65 Ano ang naabutan namin sa kanila roon? Doon nga, ang tawag na sa kanila’y Cristiano, gaya *nito*, at may kilik-kilik namang diyus-diyosan sa bisig. “Kung ang Amoyah. . .” Ang ibig sabihin po ng *Amoyah* ay “di-nakikitang puwersa,” tulad ng hangin. “Kung bigo ito, hindi *ito* uubra.” Yun nga ang kalakasan nun. At doon nga’y nasaksihan ko mismo ang tatlumpung libong mga katutubo na nakakumot lamang na ibinigay nila mismo ang kanilang buhay kay Cristo.

66 At sila-sila mismo’y nagsipuntahan sa mga tribo-tribo dun, inaakay ang iba pa nilang mga kaibigan patungo kay Cristo. At ako po’y nanalangin ng isang panalangin sa buong mga naroon. At mga apat na oras lang mula noon, si Sidney Smith, ang alkalde ng Durban, si Sidney Smith mismo, alkalde ng Durban, Timog Aprika, tinawagan niya ako sa telepono. Mangyaring, tungkol sa isang babae na namatay, nung isang gabi bago ’yun, at tinawagan ako, para manalangin. At naroon po ’yung babae na nakadalo sa pagtitipon, buhay na mismo. At mangyaring, hayan nga, ’yun ’yung naging tulay kay Sidney Smith, at siya po talaga’y nagalak nang lubos.

67 At pagkatapos nun, sabi niya, “Magpunta ka sa bintana mo’t sumilip ka, doon mismo sa kalsada.” Haya’t dumadaan mismo ’yung naglalakihang mga van, talagang punung-puno. At ’yung mga katutubo’y naroon nung una sa mga banig at mga stretcher, noong umaga, haya’t nakakapaglakad na sa likuran nun, na ang mga kamay nila’y nakataas, nagsisitangis, umaawit mismo sa kanilang katutubong wika, “Manampalataya lamang. Lahat ng bagay ay maipangyayari.” At wala nang alitan sa pagitan ng

bawat isa sa kanila, haya't hile-hilera mismo sila na naglalakad dun. Yung mga truck ay papunta sa gawi dun nang paganoon, at kasunod ang mga escort na pulis, at kung saan-saan galing ang mga kalesang hila ng tao, nang paganoon. *Only Believe*.

<sup>68</sup> Ngayon, kung ang mga katutubo na di nalalaman kung alin ang kanan sa kaliwang kamay ay nagawang tanggapin 'yun, ano pa naman ba tayo? Kita n'yo? Alam n'yo ba kung bakit? Di kasi sila nadoktrinahan kahit kailan ng kung anong uri ng doktrina. Kita n'yo?

<sup>69</sup> Pero tayo rito'y kung sinu-sino na mismo. Sasabihin ni Dr. *Ganito-at-ganoon*, "Panatisismo 'yan." Yung isa naman haya't sasabihin, "Pagbabasa lang 'yan ng pag-iisip." Sasabihin nito, "Walang mapapala riyon." Sasabihin nung isa naman, "Sa diyablo 'yan." Di mo tuloy alam kung ano nang paniniwalaan mo. Yan ang dahilan kung bakit ang hirap. Ang pinakamahirap na dako para magdaos ng gawain para sa pagpapagaling ay sa U.S.A. mismo. Siyanga.

<sup>70</sup> Doon, sa dako roon, wala silang ibang alam. Wala silang napapakinggan na iba. Haya't sasabihin n'yo lang sa kanila. Sila po'y parang mga bata. Tatanggapin at sasampalatayanan nila 'yun, tapos hahayo na.

<sup>71</sup> Kaya tulungan nawa tayo ng Panginoon ngayon. Ngayon, isa pang beses para manalangin. Hinding-hindi nga tayo maka papanalangin nang sobra, isa po 'yung bagay. Ang sabi mismo ng Biblia, "Ibig ko na manalangin ang mga tao sa lahat ng dako, itinataas ang mga banal nilang kamay."

<sup>72</sup> Iyong tanggapin kami, Panginoon, sa Iyong pagbubuklod dito, habang inilalagak namin ang aming sarili sa Iyo, sa pakiki pagbuklod sa Iyong Salita, dahil Ikaw po ang Salita. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus, mangusap Ka po sa mga puso. Amen.

<sup>73</sup> Huminto tayo kay Abraham kagabi sa . . . Nag-umpisa tayo sa kanya, at dun 'yun sa ika-22 kabanata ng Genesis, kung saan naroon siya't iniaalay ang kanyang nag-iisang anak, isang tipo ng Diyos na ibinibigay ang Kanyang Anak. Nagsimula tayo dun, nagbalik-tanaw lang nang kaunti't dumako uli sa kanya, sa kanyang buhay, at di pa tayo nakakalayo mula roon. Tayo po'y huminto sa kanya, kagabi, sa ika-16 na kabanata o ika-17 kabanata. Sa pagkakaalala ko, sa ika-15 kabanata po yata tayo huminto sa kanya. At sisikapin nating tapusin 'yan sa gabing ito, dahil may mensahe po ako mismo na para sa Makalangit na pagpapagaling, loobin ng Panginoon, para bukas ng hapon.

<sup>74</sup> At ngayon ang bawat pastor ay inaanyayahan. Dalhin n'yo po ang inyong kongregasyon. Pumunta po kayo rito at tumayo kayo kasama nila sa pananalangin.

<sup>75</sup> Ngayon nalaman natin na kung minsan may mga bagay na ganito ang pagkilos ni Jesus, at may pagkilos Siya sa ibang mga

bagay naman na kung minsan . . . Sasabihin n'yo, "Bakit Niya pinahihintulutan ang mga bagay na 'yun, Kapatid na Branham? Bakit Niya pinahihintulutan na magkaganoon ang mga bagay-bagay?" Kung minsan ay ipinangyayari 'yun para subukin ang inyong pananampalataya, madalas. Tayo . . . At kakaiba mismo ang paggawa Niya ng mga bagay-bagay. Bakit kaya di na lang Niya gawing lumakad dun at magdeklara, "Ako si *Ganito*, at Ako si *Ganoon*." Mangyaring di kasi ganyan ang paggawa Niya sa bagay-bagay sa simula't sapul. Kita n'yo, mangyaring ganun ang paggawa Niya para subukin ang pananampalataya n'yo.

<sup>76</sup> Tingnan n'yo, ang inakala ng mga saserdote noo'y marahil darating Siya na makikipag-usap kay Caifas, na isang punong saserdote. Pero papaano po Siya naipanganak? Sa isa pong sabsaban. At ganap na tinanggihan tuloy Siya ng Sarili Niyang bayan at ng Kanyang inabutan na mga denominasyon noong panahong 'yun.

<sup>77</sup> Ngayon nasumpungan natin, isang beses, nangungusap si Jesus. Gusto kong pagtuunan ng pansin ang isa sa mga munting sipi ko rito na gusto kong sabihin. Si Jesus noo'y ang dami ng madla na nakapalibot sa Kanya noon, at mistula ngang sobra-sobra ang dami nila dun, kaya pansinin n'yo kung anong sinabi Niya. "Maliban na kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, wala kayong Buhay." Ngayon ano sa palagay n'yo ang iisipin ng isang doktor ng medisina, o kung sinong intelektuwal na tao, kapag narinig nila na ang isang Lalaki na sa reputasyon pa lang mismo'y ilehitimong anak na agad at mistulang suwail sa tingin ng mga tao ng panahong 'yun, na haya't tatayo at magbibitiw ng—ng pahayag na tulad nun, "Maliban na kanin ninyo ang Aking laman at inumin ang Aking Dugo"?

<sup>78</sup> Aba, sasabihin nila, "Ang Lalaking 'yan ay isang taong-bampira. Aba, naku! 'Inumin ang Dugo ng Lalaking 'yan, at kainin ang Kanyang laman'? Aba kayong kongregasyon ay lumayo-layo mula sa baliw na Lalaking gaya n'yan."

<sup>79</sup> Mangyaring hindi Niya 'yun ipinaliwanag. Hindi Niya 'yun ipinaliwanag. Hindi Niya kailangang ipaliwanag. Ganoon nga. Gusto Niya lang makita kung anong uri ng pananampalataya ang mayroon sila.

<sup>80</sup> Kita n'yo, kung sasampalataya ka kasi, sasampalataya ka talaga, haya't di ko iisipin anuman ang sabi-sabihin ng iba. Halimbawa manalangin ako sa limang libong tao ngayong gabi, at lahat ng limang libong 'yun ay mamatay ngayong gabi rin, sa kinaumagahan ay mananalangin at mananalangin pa rin ako para sa mga maysakit. Kita n'yo? Kung ano kasi ang sabihin ng Diyos, 'yun ang mahalaga't matimbang. Hindi 'yung reaksyon ng mga tao. Kita n'yo?

<sup>81</sup> At, ang Diyos, sabi Niya—sabi Niya, “At maliban na kanin ninyo ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, wala kayong Buhay sa inyong sarili.”

<sup>82</sup> Buweno, naku, 'yung mga taong 'yun, 'yung intelektuwal na grupong 'yun, naku, naku, ang sabi nila, “Lumayo-layo kayo sa Lalaking 'yan. Baliw Siya. Salbahe Siya. Aba, Siya'y taong-bampira, 'kainin' ba naman ang katawan ng Lalaking 'yan.” Ngayon, hindi Niya 'yun ipinaliwanag.

<sup>83</sup> Ngayon Siya'y may naordenahang pitumpung mangangaral na kasama Niya noon. Sa tingin Niya'y napakarami pa rin ng madla Niya na naroon, mangyaring nilayasan na Siya nung—nung madla. Haya't may naordenahan Siya na mga ministrong nakaupo roon, na pinahayo Niya, pitumpu ang bilang ng mga 'yun. Sabi Niya, “Ano ang sasabihin ninyo kung makita ninyo na umakyat ang Anak ng tao sa Langit kung saan Siya galing?” Ngayon, hindi Niya 'yun ipinaliwanag.

<sup>84</sup> Tapos ang sabi ng mga mangangaral na 'yun, “Ang taong ito'y aakyat daw sa Langit kung saan Siya nanggaling? Aba, kilala namin Siya. Kilala namin ang nanay Niya. Nakapunta na kami sa sabsaban kung saan Siya ipinanganak. Nakita mismo namin 'yung kuna kung saan Siya inugoy noon. Nakakasama namin Siya sa pangingsda. Nagbibilad kami sa dalampasigan kasama Siya. At ang Anak ng tao raw ay 'aakyat kung saan Siya galing? Aba'y galing Siya ng Betlehem. Saan sumulpot itong, 'aakyat' daw? Kalabisan na ito sa amin.” At sila nga'y lumakad palayo mula sa Kanya. Hindi Niya 'yun ipinaliwanag. Hindi Niya ipinaliwanag.

<sup>85</sup> Hindi Niya kailangang magpaliwanag ng kung ano man. Hindi kailangan ng Diyos na magpaliwanag ng kung ano. Siya ay Diyos. Kanya lang ginagawa ang isang bagay, dahil Kanya mismong ipinangako 'yun. Di Niya kailangang magpaliwanag.

<sup>86</sup> Pagkatapos labing-dalawa na lang ang natira sa Kanya. At Siya'y bumaling at tumingin sa kanila, ang sabi, “Pinili Ko ang labing-dalawa sa inyo, at ang isa sa inyo'y diyablo.” Sabi Niya, “Kayo rin ba ay aalis, din?”

<sup>87</sup> Pagkatapos sinabi ni Pedro ang dakilang mga pananalitang 'yun, “Kanino pa kami magsisiparoon, Panginoon? Sapagkat nakakatiyak kami na Ikaw ang may Salita ng Buhay.” Nakita nila mismo na Iyon ay malinaw na pinatotohanan; kahit ano pa ang sabi-sabihin ng mga saserdote, anuman ang sabi-sabihin ng iba. Nakakabatid sila mismo, na, na Siya ang may Salita ng Buhay. Sabi, “Ikaw ang may Salita ng Buhay.”

<sup>88</sup> At ngayon napansin natin, kahit ano pa ang ginawa ng iba, nagsilakad man palayo, ang mga alagad na 'yun ay itinalaga na nung una, sila'y itinalaga na sa Buhay na Walang Hanggan. Haya't, di nila kayang ipaliwanag Yun, hindi nga nila kayang ipaliwanag Yun gaya ng iba pa na di nila maipaliwanag. Pero

may kung anong bagay nga sa kanila, ang—ang representasyon na iyon sa Langit. Ang kaisipan ng Diyos ukol sa kanila bago pa itatag ang sanlibutan, na nahayag mismo rito, at sila’y konektado mismo sa Diyos at nakakatiyak na ang pangako ’yun mismo ng Diyos na pinatotohanan, at walang makapagbabago nun mula sa kanila. Yun po’y tunay, na dalisay na pagka-Cristiano.

<sup>89</sup> Sa panahon ngayon, ang mga tao’y nasa kalagayan gaya nung kalagayan nila noon nung mga araw na ’yun na ang mga alagad ay naroon noon sa dagat. Haya’t isang gabi dumating ang isang unos, at talagang nasaid; nasaid mismo ang pag-asa, na sila’y makakaligtas pa. At natanaw nila Siya na lumalapit, naglalakad mismo sa—sa—sa tubig. Ngayon ’yung bangka nila’y punung-puno ng tubig, at ’yung mga layag nila’y nagkandabali, at naanod ang mga sagwan, at nagkapit-kapit sila sa isa’t isa, sumisigaw. At tumanaw sila roon at nakita nila Siyang palapit, naglalakad sa ibabaw ng tubig, at natakot sa Kanya. Ang tangi nilang pag-asa, at natakot sila sa tanging bagay na makapag liligtas sa kanila. Kung hindi ba ’yan lapat na lapat na larawan ng panahon ngayon, na naulit! Iniisip kasi nilang nakakatakot ang tanawing ’yun. Alam n’yo, sabi nga dun sumigaw sila, dahil sa takot, “Isang espiritu!” Haya’t sa tingin nila’y masyadong espirituwal ang dating nun. Ganyan na ganyan sa panahon ngayon.

<sup>90</sup> Pero kung gagawin n’yo lang kung anong ginawa nila nung panahong ’yun na napasigaw sila; mangyaring narinig nila ang tinig na ’yun doon, “Huwag matakot. Ako ito. Huwag kayong matakot. Kayo’y magpakatatag.”

<sup>91</sup> Haya’t kung magagawa n’yo lamang na antabayanan ang Salita ng pangako para sa panahon ito, mapapakinggan n’yo ang siya ring tinig na ’yun na nagsasalita sa pamamagitan ng Salita, “Ako ito. Ipinangako Ko na gagawin ito sa huling mga araw. Huwag matakot. Huwag kayong matakot. Ilagak n’yo ang tiwala n’yo sa Akin, na Anak ng Diyos,” kung Sino Siya. Inyo ngang sampalatayanan ’yan ngayon.

<sup>92</sup> Huminto tayo kay Abraham na naroon sa Presensya ni Elohim, kagabi, kung saan siya . . . tinugaygay natin siya sa mga pangakong ’yun. At hayan nga’t ang huling pangako bago ang pagdating ng anak na lalaki, nasumpungan nga natin na may isang Lalaki na pumaroon; na nadadamitan na gaya ng isang tao, kumakain na gaya ng isang tao, nagsasalita na gaya ng isang tao; at pinagmasdan Siya ni Abraham at tinawag Siya bilang Elohim, “Elohim.” May dalawang pumaroon sa Sodoma, para mangaral dun. At inihambing natin ang tagpo na ’yan sa ngayon. Naaalala n’yo ang kuwento kung saan tayo tumigil. Haya’t saktong-sakto mismo sa siya ring inihula ni Jesus na mangyayari, na, “kung paano noon sa mga araw ng Sodoma,” mangyaring ’yan na ’yan mismo ang kalagayan sa gabing ito. At kung . . .

<sup>93</sup> Ngayong araw po haya't nakaupo ako roon, at binubulay ko, at binubulay ko ang lahat ng mga ito. Nabalitaan nila na may isa na namang lindol na nangyari sa isang dako roon, at ang sabi ng mga tao, "Inuuga muli ang mga lalawigan." At ako po'y napaisip, ano kaya ito? Alam n'yo, Biyernes Santo noong mangyari 'yung ganito. Alam n'yo, labing-siyam na daang taon ang nakararaan, Biyernes Santo rin, tinanggihan ng iglesya si Jesus Cristo, at may lindol na umuga mismo sa buong mundo. At tinanggihan na naman nila Siya muli, sa Kapanahunan ng Laodicea, gaya ng sinabi mismo ng Biblia na gagawin nila, na Siya'y kanilang palalabasin.

<sup>94</sup> Haya't ang pagkilos na ito ng Konseho ng mga Iglesya ay sakto mismo sa ginagawa nila. Tinatalikuran na nila ang lahat ng mga pang-ebanghelyong mga katuruan nila't mga bagay-bagay. "Papaanong makapaglalakad ang dalawa maliban na sila'y magkasundo?" Buweno, hindi n'yo magagawa.

<sup>95</sup> Hindi 'yun uubra sa tunay, na dalisay na mga Cristiano. Hinding-hindi nila 'yun tatanggapin kailanman. Hindi, maaari. Ang isang ipinanganak nang muling Cristiano ay hiding-hindi masusuong sa patibong na gaya nun. Walang pinag-iba kasi 'yun sa ilalagay mo ang isang pato sa loob ng—sa loob ng isang hawla. Alam nila na sa katayan ang punta nun. Hinding-hindi n'yo siya mapapapunta sa ganoon. Kaya tayo. . . Ang isang tunay na ipinanganak nang muli na Cristiano ay lalayo mismo mula sa ganoon.

<sup>96</sup> Ngayon si Abraham ay nakatayo roon at nakikipag-usap siya sa isang Lalaki na ang likod Nito'y nakatalikod sa tolda kung saan naroon sa loob si Sarah. At Abram pa noon. . . Ang pangalan pa noon ni Abraham isang araw o dalawa bago 'yun, ay Abram pa; at Sarai pa noon, at ngayon Sarah na, haya't Abraham na. At tinawag nung Lalaki si Abraham sa kanyang ama't, saserdoteng pangalan. "Abraham, saan naroon si Sarah (*prinsesa*) na iyong asawa?"

Sabi niya, "Siya'y nariyan sa tolda, sa likod Mo."

<sup>97</sup> Sabi Niya, "Ako'y dadalaw sa iyo ayon sa pangako, sa tamang panahon ng buhay," sa madaling sabi, "sa ibang buwan. At Ako'y dadalaw sa iyo gaya ng Aking ipinangako."

<sup>98</sup> Mangyaring dalawampu't limang taon na hinihintay nila itong ipinangakong anak; ni hindi nag-alinlangan na napadpad sa di-pagsampalataya sa Salita ng Diyos, kundi may kalakasan pa mismo, nagbibigay ng papuri sa Diyos. Masdan n'yo ngayon.

<sup>99</sup> At pagkatapos si Sarah, na naroon sa loob ng tolda, kung ilalagay natin sa salitang kalye, natawa na may patago-tago pa sa manggas, sabi, "Ako, na isang matanda nang babae, ang edad ko'y siyamnapu na, at magkakaroon—magkakaroon pa ng kaaliwan sa aking panginoon, na asawa ko, samantalang siya'y sandaang taong gulang na mismo?" Matagal nang nahinto 'yun



sa pagitan nila na asawang lalaki't asawang babae, maraming, maraming taon na ang nakalilipas.

<sup>100</sup> At—at 'yung Lalaki, habang nakatalikod Siya sa may tolda, ang sabi, "Bakit pinag-aalinlanganan ito ni Sarah, na sinasabi nang patago sa sarili niya ang mga bagay na ito?" Kita n'yo? At sa pamamagitan nun ay napagkilala ni Abraham kung Sino ang nakikipag-usap sa kanya. Si Elohim nga, saktong-sakto. Yung mismong tanda Niya ang nagpatunay sa Kanyang sinasabi. Sabi, "Ako'y dadalaw sa iyo." Bakit Niya sinabing, "Ako"? Papaano Niya nagawang tawagin siyang Abraham? Dahil, Siya Mismo ang nagbigay sa kanya nung pangalan. Nang pasimbolo, hindi sa pamamagitan ng may taong nakaharap dun; haya't ipinapakita ang bagay na magaganap. Ipinagkaloob sa kanya ang pinagtibay Niyang kapamahalaan at ipinangakong Salita, na ang Lalaking ito na nakikipag-usap sa kanya ay Diyos, Elohim.

<sup>101</sup> Ngayon makikita nga natin, sa Mga Hebreo sa ika-4 na kabanata at sa ika-12 talata, gaya ng nabanggit ko na nang dalawang beses, na, nung nakaraang dalawang gabi, na, ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ng Diyos ay kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso, sa mga lihim ng puso."

<sup>102</sup> At kaya 'yung mismong pagtanaw ni Jesus sa kongregasyon at tinalos ang kanilang pag-iisip, at sinabi dun sa babae kung ilan na ang kanyang naging mga asawang lalaki, sinabi kay Natanael kung nasaan siya, 'yun mismo ang pagpapatibay na Siya ang Mesiyas, Diyos, Emmanuel, dahil Siya ang Salita.

<sup>103</sup> Ganun po ang mga propeta. Ang mga propeta'y ibinibilang na mga diyos. Nauunawaan n'yo naman 'yun. Sinabi 'yun ni Jesus, Mismo. Sabi, "Paanong hahatulan ninyo Ako? Yamang, tinatawag ninyo ang mga dinaratnan ng Salita ng Diyos, haya't tinatawag ninyo silang 'mga diyos.' At papaano n'yo ngang hahatulan Ako, sa pagsabi Ko ng, 'Ako ang Anak ng Diyos'? At kung di Ko ginagawa ang gawa ng Aking Ama, kung ganoon ay huwag ninyo itong paniwalaan."

<sup>104</sup> Siya ang pinagtibay na Salita ng Diyos para sa panahong 'yun. Ngayon kung dumating Siya na taglay ang tanda ni Moises, hindi 'yun uubra. Kung si Moises naman ay darating taglay ang tanda ni Noe, hindi 'yun ang iprinopesiya para sa panahon na 'yun.

<sup>105</sup> At lahat nitong mga kaparian, at mga teolohiya, at mga matataas na paaralan, at mga eskuwelahan, at mga edukadong mga ministro; haya't maiinam naman ang mga 'yan, wala tayong anumang laban dito, pero hindi 'yun ang Mensahe ng panahon. Yun ay para sa mapanglaw na panahon.

<sup>106</sup> "Magliliwanag sa oras ng gabi." Ipinangako Niya ang mga bagay na ito. Paulit-ulit kong binasa 'yun, mula sa Salita. Ganap na kung papaano 'yun noon, sinabi Niya na mauulit uli.

Magagawa kong iugnay ito sa bawat Kasulatan sa Biblia, at ipakita sa inyo na ito nga ang Katotohanan.

<sup>107</sup> Ngayon, ang mga sinasabi Niya roon ay pinagtibay mismo nung sabihin Niya kung sino, si Sarah, kung ano ang ginawa niya sa likuran Niya. Ngayon pansinin, ipinangako Niya, na sa susunod na buwan ay maglililihi siya, “ayon sa tamang panahon ng buhay,” sabi Niya.

<sup>108</sup> Ngayon pansinin, ang landas ni Abraham ay isang tipo sa maharlikang Binhi ngayon. Kung mapapansin n’yo mismo, si Abraham, ang pangako ay para sa kanya at sa kanyang mga anak na kasunod niya. At mangyaring ang mga anak niya, una, ay ang natural na binhi, at pagkatapos ay ang maharlikang Binhi na si Cristo. Ang unang binhi, ay sa pamamagitan ng seksuwal, iniluwal si Isaac; pero nang wala nang seksuwal na paniniig, dumating si Jesus, ang Maharlikang Binhi.

<sup>109</sup> Ngayon nang sa gayon, sa Dugo, kita n’yo, tayo’y naligtas sa pamamagitan ng Dugo. “At kung walang pagbubo ng dugo, walang kapatawaran ng mga kasalanan.”

<sup>110</sup> Pansinin, si Jesus ay hindi Judio. Si Jesus ay di rin Gentil. Si Jesus ay Diyos. Hindi Siya, hindi kasi Siya maaaring maging Judio o Gentil man. Tingnan n’yo, ang kasariang lalaki ang nagpapalabas ng hemoglobin, ang selulang dugo. Ang binhi ay naroon sa selulang dugo.

<sup>111</sup> Naulinigan ko na kayo na mga taga-rito, karamihan nga sa inyo. . . Nakaangkas ako’t palibot-libot nung isang araw, ako po’y nakikiusyoso sa inyong—inyong mga magsasaka, at kayo po’y may mga manok. Ngayon, ang isang inahing manok ay may kakayahang mangitlog kung mangingitlog lang, ang isang inahing ibon ay may kakayahan mismong mangitlog; pero kung di siya nakipagniig sa isang kapares, hindi mapipisa ang itlog. Pero, kayang-kaya nga niyang mangitlog, dahil ’yung itlog ay naroon na mismo sa—sa. . . sa babae. Pero, ang dugo, at ’yung buhay po kasi’y nasa dugo mismo.

<sup>112</sup> Kaya, samakatwid, ’yung Kanyang buhay ay nilikhang buhay, hindi bininhian ng kung sinong tao.

<sup>113</sup> At maging ’yung itlog ay di galing kay Maria, dahil kung ’yung itlog ay kay Maria. . . Katulad ng paniniwala ng marami sa mga Protestante, at mga Katoliko, rin, na ’yung itlog ay kay Maria raw, ngayon ibig. . . na itlog nga raw ni Maria, haya’t ipinapalabas na tao lang Siya. Hindi, kung ang selulang dugo ay Diyos, ganun din ang itlog na Diyos ’yun, dahil di magagawa ni Maria na magpalabas ng itlog. . . Alam n’yo, nauunawaan n’yo naman marahil ang pinatutungkulan ko. Siya. . . Di nga ’yun magagawa ni Maria nang walang sensasyon. Dahil, kung may—may sensasyon, ano ang ipinapalabas n’yo na ginagawa roon ng Diyos? Seksuwal na paniniig muli kung ganoon. Kita n’yo?

114 Kaya kapwa 'yung itlog at selulang dugo ay Diyos. Amen. Haya't. . . Sampalatayanan n'yo 'yan, at magtataglay kayo ng pananampalataya sa pag-usad n'yo. Hindi tayo naligtas sa pamamagitan ng dugo ng Judio, o ng dugo man ng Gentil. Tayo po'y naligtas sa pamamagitan ng Dugo ng Diyos, Mismo, na isang nilikhang selulang Dugo.

115 Gaya ng nabanggit ko, ipagpahalimbawa n'yo po itong mga inahing ibon na ito. Haya't parating na ang tagsibol. Napansin ko nung isang araw, kung papaanong nagsisipulot sila ng mga daya-dayami't nagsisiparoon sa mga iba-ibabaw at gumagawa ng mga pugad. Ngayon makakaparoon nga siya sa mga iba-ibabaw at makagagawa ng isang pugad, at mangingitlog ng sangpugad na mga itlog; at lilimliman ang mga 'yun, at lililim-lilim dun, at di-lulubay sa mga itlog na naroon hanggang sa siya'y—siya'y manghina't di na niya kayang makalipad palayo nung pugad, para kumuha ng makakain niya. Pero kung hindi nga siya nakipagniig sa isang lalaking ibon, hindi mapipisa ang mga itlog na 'yun. Walang nabuo kumbaga. Alam n'yo 'yun. Mananatili lang 'yun sa pugad, at mabubulok.

116 At ganyan na ganyan ang kalagayan ng ilan sa ating mga kaiglesyahan. Ang taglay lang nati'y sangpugad ng nabubulok na mga itlog. Wala silang taglay na pananampalataya ni Abraham. Kinakailangan na mismong bakantehin ang pugad at humudyat na, na magkaroon ng kaugnayan; hindi sa kung anong organisasyon, kung anong pang-teolohiyang seminaryo. Bagkus ay magkaroon ng kaugnayan sa kapares, kay Cristo Jesus, na Siyang magbubunsod ng pagbubuo tungo sa Espiritu ng Buhay na nasa inyo. Siya Mismo ang magbubunsod sa inyo na sampalatayanan Ito. Bakantehin ang pugad at magsimula ng bagong simula muli. Pero patapik-tapik kayo sa likod ng mga kalalakihang 'yun at sige't inaari sila, at ginagawa silang mga diyakono, at kahit apat o limang beses nang nakapag-asawa't, lahat na. Ano nang pagka-makasanlibutan ang kinapadparan natin, siyanga? Haya't pinapadala sila sa seminaryo at ang itinuturok sa kanila'y likido na pang-embalsamo, at sila'y pababalikin pagkatapos.

117 At heto nga nung isang araw lang, sa isang pagtatantiya, ipinapakita mismo na siyamnapu't siyam na porsiyento ng mga Protestanteng mangangaral sa buong bansa, ay di naniniwala sa literal na Ikalawang Pagparito ni Cristo. Walumpu't pitong porsiyento ang ikinakaila ang birheng kapanganakan. Isipin n'yo nga 'yun. Ano nang klase ang kakaharapin ng ating mga anak sa hinaharap?

118 Diyos, Iyong ipanumbalik kami sa Pananampalataya muli na minsanang ibinigay sa mga banal.

119 Si Abraham, masdan n'yo ang landasin niya nung siya po'y tumahak doon, tumitipo siya nang ganap sa iglesya. Lahat ng

ginawa ni Abraham, ay... Inantabayanan natin ang iglesya. Kung may sanlinggo lang sana tayo o dalawa rito, na tayo sana'y makapamalagi rito, ipapakita ko po sa inyo, unti-unti. Lumakad sa siya ring pagtahak na 'yun ang iglesya. Ang huling tanda ay ang Diyos, ang ipinangakong Salita ay nangusap sa kanya, sa laman ng tao. Ang huling pangako bago wasakin ang daigdig ng Gentil, ang Sodoma at Gomorra. Ngayon isipin n'yo, si Abraham, bago, nung... Ang Diyos ay nagpakita na sa kanya sa maraming mga simbolo, at mga liwa-liwanag at mga anyo, at mga tanda, pero hindi pa dumarating ang Diyos sa kanya bilang tao ni nagsalita man sa kanya sa isang dinig na dinig na tinig, na gaya ng isang tao, na tinig na galing sa isang tao. At, alalahanin n'yo, ang pangako'y nakahanda nang matupad sa pagkakataong 'yun, na tutupukin na ang Sodoma, ang huling mensahe ay naroon na.

<sup>120</sup> At hayan ang iglesyang normal, o ang iglesyang denominal, ang ibig kong sabihin. Hayan, hayan mismo si Billy Graham ng makabagong panahong ito na naroon, para ilabas sila.

<sup>121</sup> Hayun naman ang Iglesyang Hinirang, wala sa Sodoma; tinawag palabas, nakahiwalay. May mensahero sila. Pansinin, ang grupong Abraham ay may taglay na Mensahe. At ngayon ano 'yun? Ang Diyos, na nakikipag-usap na sa kanya noon pa man, sa mga simbolo't mga anyo, at lahat na, ay dumating mismo. At hayan nga't inihayag Niya ang Kanyang Sarili dito mismo sa laman ng tao, at tinalos ang pag-iisip na naroon sa puso ni Sarah, na nasa likuran Niya. Tapos sabi ni Abraham, "Ito nga'y si Elohim, ang Isa na Buong-Kasapatan." Alalahanin n'yo, matapos nun nang di katagalan, ang Sodoma ay tinupok mismo. Isipin n'yo 'yun.

<sup>122</sup> Marahil natatanggap na ng iglesya ang huling tanda. Kita n'yo, tayo'y... Kayo'y nakasigaw, nakatamo na kayo ng pag-aaring ganap sa pamamagitan ni Luther, pagpapaging banal sa pamamagitan ni Wesley, nagtamasa ng dakilang panahon, may pagsisigawan, pagbubunyi; pagsasalita sa iba't ibang wika, pagsasalin ng iba't ibang wika, Makalangit na kagalingan. Pero nasaan na tayo ngayon? Ang Diyos ay nagsasalita na mismo sa kalagitnaan natin, sa pamamagitan natin, dinig na dinig, gaya ng ginawa Niya dun noon. At ipinangako Niyang gagawin ito mismo. Ganoon mismo. Hindi 'yun isang bagay na inimbento lang natin. Sinabi 'yun mismo ng Biblia. Sinabi mismo ni Jesus na Kanyang gagawin 'yun, gagawin Niya 'yun muli.

<sup>123</sup> Pansinin, at pagkatapos na pagkatapos nun, nagsumamo si Abraham para sa kapakanan ni Lot. At sinabi Niya na kung may masusumpungan Siyang sampung tao, patatawarin Niya ang dakong 'yun. Pero hindi nga Siya nakasumpung ng ganung bilang, ang mga mensahero na dumako roon. Tinanggihang ng mga tao ang mga mensahero.

124 Katulad na lang nung idinaos na agahan ni Billy Graham, nung siya'y pumarito noon sa ating siyudad, sa Louisville, Kentucky. Dumalo ako noon sa kanyang agahan. Ang sabi niya, "Kapag ako'y pumupunta sa isang siyudad," sabi niya, "Ako nga'y. . ." Itinaas pa niya mismo ang Biblia. Siya po'y masugid na mananampalataya ng Biblia. Sabi niya, "Kapag ako'y may siyudad na pinupuntahan at ako'y nagdadaos ng isang—isang malakihang gawain dun, ako'y nagkakaroon ng tatlumpung libong mga akay, o mga nagpapasya." Sabi niya, "At kapag ako nga'y bumabalik, anim na buwan mula nung gawain, ni hindi ako makasumpong ng kahit tatlumpu man lang na natira." At sabi niya, "Si Pablo ay nagpunta sa isang bayan noon at nakaakay ng isa lang, at nung siya'y bumalik, isang taon ang nakalipas, 'yung naakay na 'yun ay may naakay, na mga akay at parami nang parami na mga akay, hanggang sa may daan-daon na siyang mga akay mula sa isa lang na 'yun." Sabi niya, "Ngayon anong nangyari?" Sabi niya, "Kayo na mga tamad na mga mangangaral." Sabi niya, "Aba'y paupo-upo lang kayo na ang mga paa n'yo ay nakapatong pa sa lamesa, at di man lang lumalabas at binibisita ang mga taong 'yun."

125 Ngayon sino po ako, na isang salat sa pinag-aralang tao na gaya ko, para salungatin ang dakilang ebanghelistang 'yun? Pero gusto ko nga sanang sabihin sa kanya ang isang bagay. "Billy, anong klase kayang pangangaral ang sumangkapanan sa naakay na 'yun ni Pablo." Kita n'yo?

126 Mangyaring ibinabad siya nang husto ni Pablo, na si Cristo mismo'y dumako sa taong 'yun at ang taong 'yun ay naging buhay na Apoy, mapasa hanggang dun sa pagiging buhay na Presensya. Hindi sa kung anong intelektuwal na pagkilos lang, o kung anong pakikianib lang, o kung anong kasulatan lang na pipirmahan niya, o pangako na dadalo siya sa simbahan. Siya nga'y dalhin n'yo sa bautismo ng Espiritu Santo, at pagkatapos ang tao na 'yun—ang tao na 'yun ay maga-Apoy, siya nga'y magbubunga ng mga anak. Papaano n'yo nga magagawa 'yun kung siya'y baog? Di siya magkakaroon ng mga bunga maliban na magtamo siya ng Buhay mismo. At 'yun lang ang tanging paraan para ang anupamang bagay ay magparami, haya't sa pamamagitan nga mismo ng binhi. At ang binhi na 'yun ay ang Espiritu Santo na naroon kay Cristo, na haya't naroon mismo sa mananampalataya.

127 Ngayon mapapansin natin, ang huling tanda ng Diyos kay Abraham, sa literal, ay ang Diyos, ang Salita. Alalahanin, ang Diyos ang ipinangakong Salita na ipinangako na noon pa man sa kanya, ay nagsalita sa kanya na nasa laman ng tao. Isang Tao mismo na nakatayo roon, nakipag-usap sa kanya, haya't tinatalos ang mga pag-iisip sa puso ni Sarah; at ang babae, naroon nga sa likod Niya, nasa loob ng tolda. Yun ang huling tanda. Pansinin ngayon. Siya nga'y nagpakita na noon pa man

sa kanya, sa maraming mga simbolo, at iba pa, katulad ng mga liwanag, at—at apoy, at kung anu-ano pa, na nagpakita sa kanya, pero ngayon pansinin. At pagkatapos na pagkatapos . . .

128 Gusto kong pansinin n'yo ang nangyari dun sa matandang mag-asawa. Ngayon sana hindi n'yo ako ituring na napapalayo na ang isip. Haya't—haya't kung di n'yo po mapaniwalaan ito, inyo na lamang isantabi, siyanga, kita n'yo. Pero gusto ko pong sabihin sa inyo kung ano sa palagay ko ang nangyari.

129 Napansin n'yo ba ngayon, kung papaano magkakaroon ng sanggol na ito si Sarah? Ngayon siya nga'y sandaang taong gulang na. Ngayon may magsasabi, “Buweno, iba naman kasi noon.” Ang sabi ng Biblia ang sinapupunan niya'y patay, at ang sabi rin ng Biblia sila'y pinatanda na ng panahon.

130 Pero gagawa't gagawa mismo Siya kina Sarah at Abraham, sa pagtugaygay sa landasing 'yun, kagaya nang ipinangako Niya na gagawin sa kanilang Binhi. At ginawa Niya mismo! Magagawa ko ngang patunayan 'yan, nang sakto sa mga yapak na tinahak ni Abraham. Ngayon masdan n'yo kung nasaan siya sa dakong ito rito ngayon nung ang Diyos na ito ay dumating at nakipag-usap sa kanya, sa laman ng tao, na ipinakikilala ang Sarili Niya sa kanya. Pagkatapos na pagkatapos nun . . .

131 Papaano nga magkakaroon ng sanggol na ito si Sarah? Ngayon kasa-kasama na siya ni Abraham sa hinaba-haba ng panahon, at marahil siya nga'y . . . Sabi nga rito, “Ang katawan niya'y itinuring na patay na.” Sinabi ng Biblia na ganoon nga. “Ang katawan niya ay patay na. Ang sinapupunan ni Sarah ay patay. Pero hindi siya nanghina. Yamang, nanampalataya siya rito.” Ngayon masdan, kung si Sarah . . .

132 Heto ako ngayon sa halo-halong mga takapakinig, at ako po'y patawarin n'yo, mga kapatid na babae. At sa doktor n'yo ay nakikinig po kayo; at ako po'y kapatid n'yong lalaki. Pero ngayon ay pansinin n'yo. Si Sarah, sa edad na siyamnapu, siya nga'y masyadong matanda na para manganak pa. Di kakayanin ng puso niya ang panganganak. Alam n'yo 'yan. At isa pa, 'yung mga daluyan niya ng gatas ay tuyo na. Wala pa silang mga botelya noon na galing sa istante ng pangkalusugan at kalinisan noong araw. Kita n'yo, kinakailangan na may nanay na magpapagatas talaga. Pansinin po. Kaya papaano Niya 'yun isasakatuparan? Papaano siya magkakaroon ng sanggol na ito? Ang sinapupunan niya ay patay. Siya nga'y patay sa kanyang katawan, mismo, at maging si Abraham ay patay na rin ang katawan.

133 Alam n'yo ba kung ano ang ginawa ng Diyos? Binago Niya sila. Kanyang ipinanumbalik sila sa pagiging isang kabataang lalaki't isang kabataang babae. Mapapatunayan ko po 'yan. Ibinunsod Niya sila na maging isang kabataang lalaki't isang

kabataang babae, ipinanumbalik sila sa pagiging kabataan uli. Oh, kay gandang pangako!

Sasabihin n'yo, "Oh, Kapatid na Branham!"

<sup>134</sup> Buweno, sandali lang po nang kaunti. Huwag. . . tumalima lang po tayo ngayon. Maaari pong masaktan kayo rito nang kaunti, na mga legalista, pero gusto kong—gusto kong makita n'yo ito ngayon sa ilang sandali. Ngayon magtuturo tayo nang kaunti na parang Sunday school patungkol sa bagay na ito. Haya't ipinanumbalik Niya sila sa pagiging kabataang lalaki't kabataang babae muli, na mga dalawampung taong gulang.

<sup>135</sup> Si Abraham, ngayon tingnan n'yo, siya'y matanda na. Yung kanyang mga bigote'y nakalaylay na nang paganoon pababa. Yung katawan niya'y patay na kung maituturing. Yung munti niya't, matanda nang nakalaylay na bisig. Si Sarah, may maliit na balabal na nakapatong sa ibabaw ng kanyang balikat at may munti't maliit na bonet, munting lola na paika-ika ang lakad gamit ang isang tungkod.

<sup>136</sup> Nakikinita ko nung sumunod na umaga. Hayan nga, si Abraham na may malaking umbok sa kanyang likod, 'yung puting buhok niya'y nakalaylay. At sabi ni Sarah, "Abraham, mahal, aba, ang iyong—iyong balbas ay naging itim ang kulay." "Aba, Sarah, 'yang magaganda mong mata'y nagniningning uli katulad ng dati. Yang pisngi mo ay nagkukulay rosas." Bago lumubog ang araw nung kasunod na gabi, siya'y nanumbalik sa pagiging kabataang babae, at siya nama'y sa kabataang lalaki.

Sasabihin n'yo, "Hindi naman kapani-paniwala, Kapatid na Branham!"

<sup>137</sup> Oh, siyanga, subalit ganoon, nga. Tingnan n'yo ngayon ang kamangha-manghang pangako at tipo para sa maharlikang Binhi ni Abraham, na pagkatapos ay dumating din. Alalahanin n'yo, isa ba 'yung pangako? Oo, tayo man ay babaguhin. Sila'y binago noon pabalik sa pagiging kabataang lalaki't babae, na ipinapakita mismo nang sakto ang Iglesya, ang maharlikang Binhi, kung ano ang mangyayari.

Sasabihin n'yo, "Ipinangako ba 'yan?"

<sup>138</sup> Unang Mga Taga-Tesalonica 4:17, "Ang pakakak ng Diyos ay tutunog, at tayo ay babaguhin sa isang saglit, sa isang kisap mata, aagawin sama-sama." Bakit? Ang katawan niya, ang katawan nila, ay kinakailangang mabago para tanggapin ang anak na 'yun. At ang mortal, na maruming mga katawan natin ay kinakailangan na mabago, para tanggapin ang Anak, dahil tayo nga'y aagawin paitaas. Kinakailangan ngang nasa ibang katawan tayo mula sa ganito ngayon, dahil tayo'y aagawin patungo sa alapaap, para katagpuin Siya. Amen. Hindi mai- . . . Sadya ngang nasa mga Kasulatan mismo, kita n'yo. Binago sila. Kung atin ngang kakatagpuin ang Panginoon sa alapaap, di natin Siya maaaring katagpuin sa ganitong uri ng katawan,

dahil tayo'y panlupa. Pero tayo nga'y tatanggap at tatanggap ng isa, hallelujah, na tutungo roon sa Pag-agaw.

<sup>139</sup> At ang maganda pang bagay rito, ito'y napipinto na mismo. Nakikita na natin ang lahat ng mga tanda na sumasalansan na mismo. Di na magtatagal pa, isa sa mga umagang ito haya't magkakaroon ng pagbabago. Kita n'yo?

<sup>140</sup> Pero, alalahanin n'yo, sasapit at sasapit lamang 'yun sa maharlikang Binhi. Ang pagparito ni Jesus ay magiging lihim, na maraming mga tao ang di malalaman 'yun. Alam n'yo, tunay nga na marahil ay di ganoong karami. "Kung papaano sa mga araw ni Noe, na wawalong kaluluwa lamang ang naligtas sa pamamagitan ng tubig, ay ganoon din sa pagparito ng Anak ng tao." "Makipot ang pintuan at masikip ang daan, mangyari ngang kakaunti ang makasumpong nito." Sasabihin n'yo may milyun-milyon roon; oo, sa lahat ng mga kapanahunan, na mga tinubos, tunay po. Pero, sa lugar ng Pag-agaw na 'yun, kung saan nakatindig na tayo ngayon!

<sup>141</sup> Ano ang mangyayari isa sa mga araw na ito? May mga magsasabi, "Ngayon, alam n'yo, heto na tayo sa panahon ng Kapighatian. Ang alam ko aagawin muna ang Iglesia bago ang panahon na ito ng Kapighatian." Yun naman ang Katotohanan. Hindi nga lang ang iglesia; ang Nobya. Ang iglesia'y dadaan mismo sa panahon ng Kapighatian, pero hindi ang Nobya. Hindi, po. Siya'y tinubos na. Wala nang kailangan pang linisin sa Kanya. Siya'y malinis na. Ang Espiritu Santo'y dumako na sa Kanya't nilinis Siya, at kinuha ang lahat ng karumihan at mantsa ng sanlibutan, at sinasampalatayanan Niya ang Salita na 'yun at naging bahagi Nun. Ganoon nga. Kung wala ang Espiritu Santo, walang maibubunsod. Ang Nobya na lumabas mismo mula sa iglesia. At doon, ang iglesia, na tinawag na "nalabi sa binhi ng babae," ay maiiwan mismo sa panahon ng Kapighatian.

<sup>142</sup> Alam n'yo, minsan noon matapos na ang lahat ng mga Kasulatan, Isaias, Malakias 3, at Isaias 40, na iprinopesiya ang pagdating ni Juan Bautista. Si Juan ay dumating nga mismo nang sakto sa pagkakalinya sa mga Kasulatan na 'yun. At kaso kahit ang mga alagad na mismo'y lumapit kay Jesus at nagsabi, "Bakit sinasabi ng mga Eskriba, ng mga Kasulatan, na si Elias ay unang paririto muna?"

<sup>143</sup> Sabi Niya, "Dumating na Siya, at di n'yo 'yun nalaman. Siya nga'y dumating na, at ginawa nila sa kanya nang sakto kung ano ang iprinopesiya mismo na gagawin sa kanya, at di n'yo 'yun nalaman."

<sup>144</sup> Ngayon, marahil isa sa mga araw na ito, sasabihin n'yo marahil, "Papaano naman ang Pag-agaw?"

<sup>145</sup> "Nangyari na, at di n'yo 'yun namalayan." "May dalawa sa higaan; ang isa'y kukunin, ang isa'y maiiwan." Alam n'yo, may



nasa daan-daang tao ang nawawala sa mundo, araw-araw, kung tutuusin, alam n'yo. Hindi nga maipaliwanag.

<sup>146</sup> At isipin n'yo lang 'yun, ang kalungkutan, na ang mga tao'y nagtutungo roon sa pangangaral, at paniwalang-paniwala pa naman na maliligtas sila.

<sup>147</sup> Haya't si Noe noon ay pumasok na sa daong, at ang pinto ay nagsara sa likuran niya, sa pamamagitan ng kamay ng Diyos. Sumikat ang araw, at nanatili roon, pitong araw bago may mangyari na anumang bagay. At ang mga tao'y patuloy pa rin noon sa pangangaral, patuloy pa rin sa pangungutya, at lahat na, nang di namamalayan na ang tangi nilang habag ay nagsara na pala para sa kanila.

<sup>148</sup> Isipin n'yo, patuloy pa rin ang mga ministro na aaralan ang mga mangangaral at pahahayuin sila, at mga bagay na gaya nun na patuloy na nagaganap, na patuloy lang ang iglesya; at ganap na wala nang habag, wala nang kahit na ano, nasarhan na; tapos na ang Pag-agaw. "Ang marumi ay magpakarumi pa," ang Kasulatan mismo ang nagsasabi n'yan. "Dumating na at di 'yun nalalaman." Isipin n'yo 'yun, ngayong gabi, mga kaibigan, at masdan n'yo kung ano nang nangyayari.

<sup>149</sup> Na wala nang kahit na ano sa mundo ang makapagbibigay ng kaaliwan sa inyo ngayon kundi ang Salita ng Diyos na lang. Kita n'yo? Wala nang kahit na anong ibang pag-asa; bansa n'yo man, wala nang iba pang dako.

<sup>150</sup> Tayo'y kinain na mismo ng uod hanggang sa kaibuturan. Alam n'yo 'yan. Kinain na mismo ng uod ng komunismo ang bagay na 'yun. Mangyaring . . . Kailangan kasi na ganoon talaga ang mangyari. Di n'yo 'yun mapipigilan. Sinabi mismo ng Biblia na magkakaganoon, kaya di n'yo talaga mapipigil kahit na anupamang mangyari. Ganoon nga.

Maghanda para sa Pag-agaw. Yun lang ang tanging bagay na dapat gawin.

<sup>151</sup> Mga Taga-Tesalonica, sa—sa Unang Mga Taga-Tesalonica 4:17 ang sabi dun, "Tayo'y babaguhin," kung papaano noon si Abraham, "at aagawin paitaas," isa mismong bagong katawan. Ngayon, si Abraham, ang kanilang lumang mga katawan ay kinailangan na baguhin. Kaya ganun din ang katawan natin na kailangang mabago rin, para tuparin ang pangako. Kailangan nating mabago mismo. Ngayon, sasabihin n'yo, ang lumang mga katawan na ito. Gusto kong . . .

<sup>152</sup> Nangungusap ako noon sa Kiwanis, dito di pa katagalan. At isang—at isang doktor ang pumaroon, pagkatapos, at sabi niya, "G. Branham," sabi, "ikinagagalak ko ang pangungusap mo, pero," sabi, "alam mo, hindi ako basta-basta naniniwala sa—sa—sa, anupamang bagay, maliban na maaaring patunayan 'yun mismo ng siyensiya, patungkol sa panganganak ng isang birhen at mga bagay na gaya nun, at patungkol sa pagiging Diyos."

153 Sabi ko, “Buweno, kung ganoon pala’y hinding-hindi mo siya mapapaniwalaan, dahil di mo magagawang patunayan ang Diyos gamit ang siyensiya. Ang kailangan ay paniwalaan mo Siya sa pamamagitan ng pananampalataya, sa pamamagitan ng pananampalataya.”

Sabi niya, “Buweno, di ako naniniwala sa anumang bagay na hindi siyentipiko.”

Sabi ko, “Isa po ba kayong may asawa na?”

Sabi niya, “Opo, ginoo.”

Sabi ko, “Mahal mo ba ang asawa mong babae?”

Sabi niya, “Oo naman.”

154 Sabi ko, “Sige’t ipakita mo sa akin sa pamamagitan ng siyensiya kung ano ang pagmamahal kung ganoon. Gusto kong makabili n’yan, kung masasabi mo sa akin kung sa aling botika ’yan itinitinda. Kailangan ko kasi.” Sabi ko, “Ako . . .” Kita n’yo, simpleng bagay lang.

155 Sabi ko, “Tatanungin kita ng isang katanungan. Ngayon, dito, tayo ba’y gawa sa alabok ng lupang ito?”

Sabi niya, “Opo, ginoo.”

156 Sabi ko, “Tinatanggap natin mismo ang alabok na ’yan sa pamamagitan ng pagkain nung pagkain na nanggagaling dito sa lupa, at mula sa buhay mismo ng halaman, at iba pa.”

157 Nakita n’yo, maaari lang kayong mabuhay sa pamamagitan ng patay na substansya. Kita n’yo? Kung mabubuhay kayo, may bagay na kailangang mamatay para kayo ay mabuhay, sa pisikal. Kung kakain kayo ng patatas, kailangang mamatay ’yun. Kung karne ng baka ang kakainin n’yo, kailangang mamatay ’yung baka. Kung karne ng baboy ang kakainin n’yo, kailangang mamatay ’yung baboy. Kung luntiang mga gulay ang kakainin n’yo, kailangang mamatay ’yun. Uri kasi ’yun ng buhay. At mabubuhay at mabubuhay lang kayo, sa natural, sa—sa pamamagitan ng substansya ng bagay na patay. Patay na substansya! Ngayon hindi ba’t makatuwiran lamang, kaibigan, na maaari lamang kayong mabuhay nang Walang Hanggan sa pamamagitan ng substansya ng isang bagay na namatay para sa inyo? Si Cristo nga’y namatay, oo, nagbangon na mag-uli, para patunayan ang Kanyang pagka-Diyos. Pansinin ngayon.

158 Sabi ko, “Doktor, kung kakain nga ako ng pagkain, sa tuwing kakain ako ng pagkain, pumupunta ’yun sa katawan ko at gumagawa ’yun ng mga selulang dugo.”

Sabi niya, “Tama.”

“Kung ganoon sa tuwing kakain ako, pinapanauli ko ang aking buhay.”

Sabi niya, “Tama ’yan, mga bagong selulang dugo.”

159 Sabi ko, “Sige’t gusto ko pong tanungin ka ng isang bagay kung ganoon. Nung labing-anim na taong gulang ako, ako po’y kumakain ng mais at mga garbansos at mga patatas at karne, kagaya ng pagkain ko ngayon. At sa tuwing kumakain ako, ako nga’y lumalaki’t nagiging mas malakas. At pagkatapos nung pagsapit ko sa edad na dalawampu’t dalawang taon, kahit na sino pang tao, kahit na gaano ka pang karami kumain, gaano ka pang kagana kumain, kayo’y nagiging mas matanda’t mas nagiging mahina. Ngayon kung magbubuhos ako ng tubig mula sa tasang *ito*, papunta sa isang *ito*, at magbubuhos ako na kalahati lang ang laman; at pagkatapos ay magbubuhos lang ako nang magbubuhos, matapos na umabot sa kalahating puno; at sa halip na tumaas sana ’yung tubig, bumababa pa lalo. Sa siyentipikong paraan sige’t patunayan mo sa akin kung bakit ganoon. Kita n’yo? Bakit ganoon na tululy-tuloy naman ako sa pagkain ng siya ring pagkain, ipinapanauli ko ang buhay ko araw-araw, ayon sa . . . Patunayan ’yun, yamang pinapatunayan sa pamamagitan ng siyensiya na pinapanauli ko ang buhay ko sa tuwing tatanggap ako ng bagong mga selulang dugo, haya’t siya ring parehong uri ng dugo na tinatanggap ko nung ako’y labing-anim na taong gulang. Pero bakit ganoon, na pagsapit ko ng edad na lagpas dalawampu, na kahit gaano pang karami ang kainin ko, ako’y bumabagsak, patanda nang patanda nang patanda, at pabagsak nang pabagsak ang katawan? Sa halip na ako’y mapunan, kagaya dapat noon, ngayon ay pinababagsak pa ako nito.” May pagtatagpo kasi. Yun nga ’yun.

160 Pero ang Diyos nga’y may litrato, at kinunan Niya ito nung kayo nga’y mga nasa edad dalawampu, kung walang bagay na naging hadlang katulad ng munting batang nakaupo rito na isang pilay. Katulad nga ito ng isang—isang tangkay ng mais, na kung may bagay na dumagan dun at kaya baliko tuloy ang pagtubo nun; kung magagawa n’yong alisin ang bagay na ’yun na nagpabaliko dun, ang tangkay ay tutuwid. Tutuwid mismo. Ganoon nga. Pansinin, kung walang hahadlang dun, hayun nga kayo, mainam na kabataang babae, mainam na kabataang lalaki. Ikaw at ang iyong asawang lalaki na nakatayo roon na magkasama, mga bagong Adan at Eba ng panahong ito mula sa pasimula. Ang sabi ng Diyos, “Hayan sila. Ngayon kamatayan iyo—iyo ngang masasaling sila. Magagawa mo ngang salingin sila, pero di mo sila makukuha nang lubusan hangga’t sabihin Ko.” Ngayon ano ’yun? Isa ’yung negatibo ng litrato. Oh, grabe! Kita n’yo?

161 Yun na ’yun mismo ang saktong ginawa Niya kina Sarah at Abraham. Inalis Niya ang katandaan. Ang katandaan ay tanda ng kamatayan. At wala ngang magiging tanda ng kamatayan sa Langit. Kita n’yo, lahat ng alaala ng kamatayan ay aalisin nang lubos, at wala nang pagtanda pa. Lahat tayo’y magiging mga kabataan mismo. Yun nga’y litrato na hinango ng Diyos mula

sa inyong kabataan. At ngayon ay kinuha't inilagay mismo ng Diyos sina Abraham at Sarah pabalik mismo sa kaaya-ayang kabataang edad na 'yun uli, kaya hayun nga tayo.

<sup>162</sup> At isa pa pong katoninayan na gusto kong ipakita sa inyo ngayon. Di ko—di ko na sana . . . Sa tingin ko kasi'y parang di tumutunton sa inyo nang masyado. Kinakailangan kong. . . Di n'yo marahil pinaniniwalaan pa. Buweno, sige't tatanungin ko kayo. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo ang isang bagay. Hayaan n'yong ipakita ko sa inyo na ganoon nga mismo ang nangyari sa kanila. Ngayon masdan.

<sup>163</sup> Tingnan n'yo po kung saan sila naroon, sa mapa, nung ang Diyos ay magpakita roon sa kanila, sa itaas na bahagi lang ng Sodoma. Ang kasunod agad na nangyari ay sila'y naglakbay nang halos mga tatlong-daang milya na paglalakbay patungong Gerar. Grabeng paglalakbay po 'yun para sa matanda nang lalaki't babae. Heto nga ang matandang lalaki na ito ngayon, na ang balbas niya'y nakalaylay nang paganoon pababa, siya'y nakatungkod. Heto ang munting lola, alam n'yo, may suot-suot na bonet, paunti-unti ang lakad sa likuran nung lalaki, na mga nasa apat- o limang-pulgada lang ang maiiksi niyang habkang sa pag-usad niya.

<sup>164</sup> At heto nga, at ang kakatwa po, nung pagsapit na nila dun sa Gerar, hayun nga si Abimelech, isang hari na naghahanap ng kasintahan. At dahil na naroon na ang lahat ng magagandang mga babae sa dakong 'yun, na mga Filisteong kababaihan; aba po'y nung makita niya si Sarah, nabighani siya sa kanya, gusto siyang mapangasawa. Tama po ba? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Ha-ha! Oh!

<sup>165</sup> Oh, kapatid, ang Biblia ay parang isang liham ng pag-ibig. Kinakailangan mong unawain ang nababasa sa pagitan ng mga talata, makita ang ibig sabihin Nito. Sabi ng Diyos, "Kyang ikinubli Ito sa mga pantas at matatalino, at inihayag Ito sa mga sanggol na magkaroon ng pagkabatid."

<sup>166</sup> Kapag ako po'y humahayo sa labas sa mga pagmi-misyon, sumusulat ng liham ang aking maybahay. At mahal ko siya, at mahal niya ako. At sinasabi niya, "Mahal kong Bill, ngayong gabi pinatulog ko na sa higaan ang mga bata. Nag-asikaso ako buong araw." Nakikita ko na 'yun ang binabasa niya, na 'yun ang sinusulat niya. Pero, kita n'yo, dahil sa iniibig ko siya, ay nababasa ko kung ano ang nasa pagitan ng mga talata. Alam ko kung ano ang tinutukoy niya. Di niya kailangang sabihin sa akin nang tahasan. Alam ko, dahil kaya kong basahi't unawain ang nasa pagitan ng mga talata.

<sup>167</sup> Ganoon din ito sa Diyos, na di tayo nagpupumilit na aralin 'yun sa pamamagitan ng pananaw ng kung anong diyaryo, kung anong pananaw ng teolohiya, bagkus ay may buong buhos ng pag-ibig sa Kanya. Buong magpakababa at talagang ilagay

Siya sa inyong puso, “ang pag-ibig ng Diyos ay ibinuhos sa kanilang puso ng Espiritu Santo,” at pagkatapos ay pumaroon at basahin ang Biblia at masusumpungan n’yo Iyon na kusa mismong lumilitaw sa pagitan ng mga talata. Kita n’yo, alam n’yo kung anong sinasabi Niya. Di man Niya tahasang sinabi ’yun sa Salita. Pinasalamatang ni Jesus ang Ama dahil Kanyang “ikinubli ang mga bagay na ito mula sa mata ng mga pantas at matatalino.” Ngayon, wala ngang kahit sino ang makababasa ng mga liham ng maybahay ko na kagaya ng ganito, dahil ganoon ko siyang kamahal, kita n’yo, at ganoon siya sumulat ng liham sa akin. Ganoon ang pagsulat ng Diyos sa inyo. Nasa pagitan mismo ng mga talata, ang pagbasa mo Roon.

<sup>168</sup> Heto na nga siya, si Sarah, hayan nga, naglalakbay papunta dun. Maiisip mo ba ang isang munting lola, alam n’yo? At lahat sila na naggagandahang mga dilag sa—sa kumpulan ng mga Filisteo, sa bansang Gerar. At heto si Abimelech, na isang batang-bata pang hari na magandang lalaki, at nagnanais siya na magkaroon ng kasintahan, kaya tumingin-tingin siya sa buong paligid. Lahat sila’y magaganda’t, lahat na. Pero nung makita niya ang lola na ito na parating, alam n’yo, na may pangangatog, may pagkanerbiyos, dumarating, sabi nung hari, “Heto na ang babaing pinaka hihintay ko. Siya na ’yan!” Sabi, “Oh!”

<sup>169</sup> Tapos sabi ni Abraham, “Isinasamo ko sa iyo, Sarah, na iukol mo ang kabutihang-loob na ito sa akin. Maganda kang silayan, alam mo.” Sabi, “Pagdako mo roon, sabihin mo na ako—ako’y kapatid mo, at sasabihin ko na kapatid kita. Dahil, kung di mo gagawin, ipapapatay nila ako at kukunin ka nila.”

<sup>170</sup> Kita n’yo, noong araw ay di ka puwedeng magkaroon ng dalawang asawang babae nang sabay na panahon noong araw, kita n’yo, kaya naman ating. . . Ang babae nga’y di maaaring magkaroon ng dalawang asawang lalaki, ang ibig kong sabihin, nang sabay na panahon. Isa sa mga araw na ito, mangangaral ako patungkol diyan. Tapos heto, na napaguusap-usapan n’yo ang tungkol sa *Binhi Ng Serpiyente* na kontrobersyal daw ’yun, aba’y hintayin n’yo lang na maipangaral ito. Ano—ano, na? Sige po’t alalahanin.

<sup>171</sup> Tapos nakita natin na nung nakita nang parating, ’yung munting matandang lola na ito na gaya nun, si Abimelech nga’y nabighani sa kanya, at nagtungo roon at kinuha siya para siya nga’y gawing asawa.

Isipin n’yo ’yun. Nakita n’yo na ba kung saang estado Niya sila ipinanumbalik? Totoo, ipinanumbalik nga Niya talaga.

<sup>172</sup> Itong Biblia, na isang liham ng pag-ibig, ay isang bagay na isinulat ng Diyos para sa atin. “Ikinubli Niya Ito mula sa mga mata ng mga pantas at matatalino, at ihahayag Niya Ito sa mga sanggol na magkaroon ng pagkabatid.” Ikinubli Niya . . .

173 Ikinubli Niya ang Kanyang pagparito. Ikinubli Niya si Jesus mula sa mga Fariseo, sa kanila na mga nag-aaral noon ng Kasulatan. Wala na tayong katulad ng mga tao na ito ngayon. Kahit na gaano pa silang kagaling na mga mag-aaral noon, di nila Siya nakilala. Siya'y naikubli. Sinabi ng Biblia na Siya'y ikinubli.

174 Haya't, alam n'yo, sinabi ng Biblia na ang mga ministro ng panahong ito ay makukublian sa siya ring paraan. "Matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan sa halip na mga maibigin sa Diyos, mga walang habag, mga mapanirang-puri, mga walang pagpipigil sa sarili, at mga hindi maibigin sa tama. May anyo. . ."

Sasabihin n'yo, "Ang mga komunista ang tinutukoy riyang." Hindi, hindi.

175 "May anyo ng kabanalan, ngunit tinatanggihan ang Kapangyarihan niyaon; lumayo kayo rin naman sa mga ito." Kita n'yo? Ganoon nga. "Ito yaong mga nagpapalipat-lipat sa mga sambahayan, at inaakay ang mga hangal na babae na puno ng mga kasalanan at hinihila ng mga iba't ibang pagnanasa," at kung anu-ano pa. Pansinin.

176 Ngayon nasumpungan natin si Abraham sa dakong yaon. At si Abimelech ay sumadya roon, ang sabi, "Siya ang matagal ko nang hinihintay, sa wakas." Kaya nag-utos siya ng mga kababaihan niya para kunin siya at dalhin siya sa dako roon, at, oh, marahil ayusan siya, at ayusan siya para maging tulad sa isang reyna talaga. At nung gabing 'yun. . .

177 Gusto ko pong pansinin n'yo rito ang biyaya ng Diyos sa Kanyang propeta. Marahil di n'yo malunok ito nang kaunti, pero ito ang Katotohanan. Kahit na ano pa ang itsura Nito kung titingnan, tingnan n'yo ito sa kung ano ang pagkakasabi ng Biblia.

178 Ngayon nakikinita ko si Abimelech, iniisip niya, "Bukas ay pakakasalan ko na ang magandang babaing Hebreo na ito. At siya'y naroon ngayon sa malalaking silid sa dako roon ngayon, at ang mga alila kong babae'y pinababanguhan siya at inaayos ang kanyang buhok para maging kaaya-aya, at inaayusan siya nang husto." Ngayon iisipin n'yo ba na isang matandang babae 'yun na siyamnapung taon ang edad na inaayusan nang ganun, para pakasalan ang isang kabataang hari? At kaya heto na't nasumpungan natin, habang inaayusan nila nang husto ang magandang babaing Hebreo na ito, at ang kabataang hari ay nakatapos nang maligo at—at nahiga na, at iniunat ang mga paa niya, matapos na makausal ng kanyang pananalangin, at nahiga na, ang sabi, "Oh, naku!"

179 Ngayon maiisip n'yo ba na magagawa ni Abraham ang isang pandaraya na gaya nun, isang lalaki na masasabi ang ganoong bagay tungkol sa kanyang asawang babae? Aba'y ituturing na

duwag mismo! Haya't nagawa 'yun ni Abraham. At hayun nga siya't nakaupo roon ngayon, matapos na gawin ang isang bagay na tulad nun. Pansinin.

<sup>180</sup> At si Abimelech nga, nung gabing 'yun ay nagpakita ang Panginoon sa kanya, sa isang panaginip, at ang sabi, "Ikaw ay itinuturing nang patay na lalaki." Sabi, "Kumuha ka ng asawa ng may asawa."

<sup>181</sup> Sabi niya, "Panginoon, natatalos Mo ang katapatan ng aking puso." Sabi, "Ako—ako... ang sabi sa akin ng babae ay kanyang—kanyang kapatid daw 'yun, at ang sabi ng lalaki'y kapatid daw niya ang babae."

<sup>182</sup> Sabi Niya, "Natatalos Ko nga ang katapatan ng iyong puso, 'yan ang dahilan kung bakit hinahadlangan Kita na magkasala laban sa Akin. Kita mo? Pero ang lalaki, na asawa nung babae, ay ang Aking propeta." Tingnan n'yo nga ang biyaya Niya para sa Kanyang propeta, gayong ang propeta na 'yun ay nasa mali na. Kita n'yo? Sabi, "Siya'y propeta Ko. Hindi Ko diringgin ang pananalangin mo. Ibalik mo sa kanya ang asawa niya, at siya'y manalangin para sa iyo. Kung di mo 'yun gagawin, ang buong bansa mo'y maglalaho," na bawat sinapupunan ay sararhan. Isipin n'yo 'yun. Yun mismo ang sinabi Niya. At si Abimelech palibhasa'y isang mabuting lalaki, at may takot sa Diyos. Siyanga, po.

<sup>183</sup> Pero nakita n'yo ba kung ano ang nagagawa ng biyaya ng Diyos? Naroon nga't nakaupo ang propeta Niya roon, na ipinamigay ang kanyang asawa para maikasal sa ibang lalaki, tapos umaasa pa sa pangakong anak na 'yun, at mga bagay na gaya nun, at ang biyaya ng Diyos ay nanatili pa rin sa Salita na 'yun kahit na ano pa ang naganap roon. Ganoon nga.

<sup>184</sup> "Ang asawa ng babaing ito ay Aking propeta. At di Ko nga diringgin ang iyong pananalangin. Kahit na gaano ka pang katuwid, gaano ka pang mabuti, at gaano ka pang katalino; maliban na ipanalangin ka ng lalaking ito, ikaw nga'y patay na tao na ang turing." Kaya inihatid ng hari si Sarah at ibinalik. Oh, naku!

<sup>185</sup> Pagkatapos dumating na si Isaac sa eksena. Ngayon sa pagtatapos, bibilisan ko na't gusto kong ipaunawa sa inyo ang isang bagay. Dumating si Isaac sa eksena't ang pangako ay natupad.

<sup>186</sup> Ngayon matapos na dumating si Isaac, ang munting batang lalaki'y mga labing-dalawang taong gulang na noon, parang ganoon, binigyan ng ikalawang pagsubok ng Diyos si Abraham. Matapos na Kanyang subukin siya, nang magdadalawampu't limang taon na noon, mangyaring nagpataw Siya ng ikalawang pagsubok. Ngayon ang sabi Niya, "Abraham, gusto Kong kunin mo ang anak mong ito ngayon, ang kaisa-isa mong anak, at sige dalhin mo siya sa isang bundok na ipakikita Ko sa iyo sa isang

pangitain na ito, at gusto Kong dalhin mo siya roon at ialay siya bilang handog.”

<sup>187</sup> At ang sabi Niya hindi siya kailan man—hindi siya kailan man tumanggi roon. Siya nga’y bumangon, nung sumunod na umaga matapos na makapangusap sa kanya ang Panginoon, siniyahan ang maliliit na mga mola at nagdala ng ilang mga kahoy at kung ano pang bagay, at sinibak ang mga kahoy, at umalis na kasama ang mga mola. Naglakbay siya nang tatlong araw, at nung makarating na siya sa dakong ’yun, siya nga’y tumanaw sa malayo, matapos na maglakbay nang tatlong araw. Ngayon heto na nga si Abraham matapos ’yun, at tatlong araw inabot ang paglalakbay. At ang mga tao noong araw ay wala silang de gasolinang pambiyahe gaya ngayon, at normal sa mga tao noon na makapaglakad nang dalawampu’t limang milya kada araw. Kita n’yo? Saan nga siya napunta, sa likod na ’yun ng ilang?

<sup>188</sup> Haya’t ang sabi niya, “Ngayon maghintay ka rito.” Ito nga ang kinagustuhan ko kay Abraham. Ang sabi niya roon sa mga alipin, sabi, “Maghintay kayo rito kasama ang mga mola, at ako at ang aking anak ay sasadya roon sa ibayo para sumamba, at kami ay babalik.”

<sup>189</sup> Papaano niya gagawin ’yun, gayong magpupunta nga siya roon sa itaas nun para patayin ang anak? Sinabi na sa kanya ng Diyos, sabi, “Magpunta ka roon at kitilin ang buhay niya.”

<sup>190</sup> Pero ano nga ang sinabi ng Biblia, sa Mga Taga-Roma 4? “Nalalaman ni Abraham na tinanggap niya siya na waring isa mula sa mga patay, at ganap na naniniwalang kaya ng Diyos na ibangon siya mula sa patay, kung saan tinanggap niya siya bilang isang unang paglalarawan.” Kita n’yo?

Sabi, “Maghintay kayo rito.”

<sup>191</sup> Paano ’yun mangyayari, di ko nga masasabi sa inyo. Kaya n’yo bang isipin ’yung kapatid na babaing ’yun na may dalang sanggol sa inyong mga bisig, at ang nanay ay naroon sa silyang de gulong, ang maliit na batang lalaki roon, at dito nama’y ang tatay? Di ko nga alam kung papaano Niya ’yun ipangyayari. Di ko talaga alam kung papaano Niya ipangyayari. Pero gagawin at gagawin Niya talaga dahil ipinangako Niya na gagawin Niya, sa batayang sinasampalatayanan n’yo ito. Ipinangyayari Niya ito sa iba. Kita n’yo?

<sup>192</sup> “Ang bata’t ako, ang paslit na ito at ako, ay babalik. Kita n’yo, maghintay kayo rito, at kami’y magpupunta roon para sumamba.”

<sup>193</sup> At pinapasan niya kay munting Isaac ang mga kahoy, tipo ni Cristo sa Kanyang pagpasan sa krus. Nagpunta sa ibabaw ng bundok. At si munting Isaac ay para bang nanghinala na’t, ang sabi niya, “Itay?”



Sabi niya, “Narito ako, anak ko.”

194 Sabi niya, “Siyanga’t, narito po ang dambana, narito ang apoy, narito ang mga kahoy, pero nasaan po ang kordero na ihahandog?”

195 Pakinggan n’yo po ang mga salitang ito na nanggaling sa mga labi ni Abraham. “Anak ko, ang Diyos ang maglalaan para sa Sarili Niya ng isang korderong ihahain.” Ibig sabihin, “Ang inilaang handog ng Diyos,” *Jehovah-Jireh*. Inilaang kordero ng Panginoon.

196 At nung talian na niya ang anak sa kamay nito at inihiga na roon sa ibabaw—sa ibabaw ng dambana, isipin n’yo kung gaanong kagrabeng sandali ’yun nung oras na ’yun. Matapos na hintayin ang anak na ’yun nang dalawampu’t limang taon, at heto’t iniutos sa kanya ng Diyos, iniutos sa kanya na patayin ang tanging nag-iisang bagay na kanyang ipinapatotoo sa lahat ng tagdaang mga taon. Dinanas niyang maging kadusta-dusta sa harap ng mga tao, pinagtatawanan siya. At heto ang Diyos na sinasabi, “Patayin mo ang siyang bagay na magbibigay sa iyo ng tanging pag-asa, na ang Aking Salita ay matutupad sa iyo. Ipinagkaloob Ko sa iyo ang batang ito. Ang bata’y labing-dalawang taong gulang. Nakikilala siya ng lahat, na pinaging ama ka ng mga bansa, pero sige’t patayin mo ang anak mong ito.” Naiisip n’yo ba ’yun?

197 Ipinapakita lang sa atin ng Diyos. Kahit na ano ang sabi-sabihin ng iba, o anuman ’yan na kontra sa Salitang ’yun, kayo nga’y tumanggi na tumingin lang doon. Ang tunay na Binhi ni Abraham ay sumasampalataya Roon.

“Patayin mo ang anak na ’yan.”

198 At inihiga siya roon ni Abraham. Makikinita n’yo nga, na kanyang pinapalis ang munti niyang paalon-alon na buhok at hinahawi ’yun sa mukha ng bata. At ang munting tsokolateng mga mata ng bata ay nakatingin sa itaas nang *paganoon*, at ang mga labi niya’y nanginginig. Tinitingnan ang sundang na ’yun na kay laki ng talim na inilalabas ng tatay mula sa... Isipin n’yo na lang ’yun para sa isang ama. Idiniin nang marahan ang munting ulo ng bata sa pinagkakahigaan nito, at inilantad ang leeg ng bata na akmang sasaksakin na niya ang leeg gamit ang sundang na ito. Oh, sa pagtalima sa Diyos! Kahit na gaano pa ngang kagrabe kung titingnan, ang sabi niya, “Tinanggap ko ang batang ito na waring mula sa patay. Magagawa ng Diyos na ibangon siya muli.” Itinaas ang sundang at akmang aamba.

199 At pakatapos ay hinawakan ng Espiritu Santo ang kanyang kamay, sabi, “Abraham, Abraham!”

Sabi niya, “Narito ako.”

200 Sabi Niya, “Ihinto mo ang iyong kamay.” Sabi, “Batid Ko na iniibig mo Ako at pinagkakatiwalaan mo na Ako ngayon,

yamang nakikita na di ka mismo. . . Ibibigay mo talaga sa Akin ang kaisa-isa mong anak.”

<sup>201</sup> At nung mga sandaling 'yun, may lalaking tupa na nasabit ang mga sungay nito, sa ilang, sa likuran niya.

<sup>202</sup> Gusto kong tanungin kayo ng isang bagay, kapatid na lalaki, kapatid na babae. Saan nanggaling ang lalaking tupa na 'yun? Tingnan n'yo, nandun ka sa lugar na 'yun, tatlong-araw ang paglalakbay mula sa sibilisasyon, sa ilang mismo, kung saan naroon ang mga leon, mga asong-jackal, at lahat na ng uri ng mga mababangis na aso't mga hayop, at kung anu-ano dun sa ibayong 'yun na sumila na dapat sa lalaking tupa na 'yun sa mga oras na 'yun. At, tingnan n'yo, nandun ang tupa na ito sa ibabaw ng bundok kung saan walang tubig. At namulot pa nga ng mga bato si Abraham sa buong paligid, habang itinatayo ang dambana na 'yun, at wala naman sa paligid 'yung lalaking tupa. Pero nung sandali na kinailangan ng Diyos 'yun, hayun nga 'yun dun. At di lang 'yun pangitain. Sinaksak niya ang tupa't umagos mismo ang dugo mula roon. Namatay 'yun. Sinalita iyon ng Diyos para lumitaw nung minutong 'yun, at kinuha 'yun ni Abraham na hayan nga't totoong-totoo talaga 'yun nung kasunod na minuto ring 'yun. Kita n'yo? *Jehovah-Jireh*, “Ang Diyos ay maglalaan para sa Sarili Niya ng isang kordero.”

<sup>203</sup> Imposible para sa isang lalaking tupa na maparoon. Sino man na may kaalaman tungkol sa mga tupa sa kagubatan, sa ilang na tulad nun, kung saan naroon ang lahat ng mababangis na hayop at mababagsik na kung anu-ano sa ibayong 'yun na dapat sana'y sumila na dun sa lalaking tupa. Di puwedeng mabuhay ang tupa na 'yun sa dakong 'yun. At heto rin, na sa ibabaw ng bundok na 'yun ay walang tubig, walang damo o kung anuman sa dakong 'yun, at wala nga ang tupa roon nung ilang minuto bago 'yun. At bigla na lang nung sandaling 'yun na kailangan ng Diyos ng lalaking tupa, sumulpot nga 'yun; sinalita Niya 'yun para lumitaw.

<sup>204</sup> Kagaya nung paglitaw Niya sa kanya roon. Si Elohim, nung kinailangan Niya ng katawan, kinailangan Niya ng katawan para bumaba sa lupa't mapanahanan, kaya kumalap Siya ng kosmikong liwanag at mga petrolyo, at kung anu-ano pa, at humakbang doon. Kita n'yo, Siya ay Diyos.

<sup>205</sup> Ganoon ding pamamaraan ang gagawin Niya para sa inyo, matapos na kayo'y sangkutsarang alabok na lang sa lupa. Siya nga'y magsasalita, at kayo mismo'y lilitaw. Tatawagin Niya ang pangalan n'yo, at kayo'y sasagot. Ang Binhi ni Abraham, grabeng. . . na ang pangako nga'y matupad.

<sup>206</sup> Pansinin, isa nga 'yung lalaking tupa. Ngayon kung may isang minuto pa kayo para manatili, gusto kong ipaliwanag ito. Alam n'yo, nung isang gabi huminto lang ako roon. Di ko 'yun ipinaliwanag sa iglesya ko. Naaalala n'yo ba nung Kanyang

patotohanan ang hain na 'yun, patotohanan ang tipan na 'yun sa kanya; kumuha ng babaing kambing, kumuha ng bakang dumalaga (babaing baka), at hinati 'yun sa dalawa, at kumuha ng lalaking tupa. Ngayon, alalahanin, 'yung maharlikang Binhi na 'yun ng Kanyang pananampalataya, kung maaalala n'yo, di 'yun babae, isa 'yung Lalaki. Isa 'yung Lalaki, na ang pangako ay natupad. Pansinin, isang lalaking tupa, lalaki; Lalaki, para katagpuin ang Salita. Siya ang Salita, ang Lalaking Tupa na ito, hindi babae. Yung mga babae nga'y unang inihain, kung maaalala n'yo, Genesis 15, 'yung mga babae; sila 'yung unang inilapag dun; pagkatapos ay kinuha niya 'yung lalaking tupa. Yung lalaking tupa 'yung huli. Siya, ang Lalaking Tupa, ang inilaang Salita; hindi 'yung babaing kambing, organisasyon, iglesya. Kita n'yo? Hindi 'yung babae, iglesya; bagkus Lalaki, ang Lalaking Tupa. Amen. Yun ang dahilan kung bakit ang kapanganakan Niya ay Abril.

<sup>207</sup> Hindi Disyembre gaya ng itinakda ng Romanong iglesya, na kaarawan nung diyos-na-araw, at itinakda na 'yun din daw ang kaarawan Niya, sa petsang 'yun ng ika-dalawampu't lima ng Disyembre raw, panahon ng mga sirko-sirkuhan nila, kung titingnan n'yo dun sa—sa . . . pag-aaralan n'yo 'yung kasaysayan ng iglesya. At nauunawaan n'yo na 'yun ang itinakda nila, na isinabay mismo. . . Kaarawan 'yun ng diyos-na-araw, ang solar, sa panahon na humihinto 'yun na halos di gumagalaw. Walang paggalaw sa loob ng limang araw mula ika-dalawampu't lima ng Disyembre hanggang sa ika-dalawampu't lima. Itinakda nila na 'yung kaarawan ng Anak ng Diyos at kaarawan nung diyos-na-araw ay magsabay, haya't ikinompromiso ang Cristianismo sa paganismo, ginawa 'yung Disyembre. Di nga Siya maaaring naipanganak ng ika-dalawampu't lima ng Disyembre, aba, ang mga kabundukan ay nababalutan ng niyebe sa dako ng Judea.

<sup>208</sup> Ipinanganak Siya tulad ng lahat ng iba pang mga kordero. Tagsibol Siya ipinanganak. At kinailangan na naipanganak Siya sa ilalim ng kordero, dahil Siya'y Cordero, at ang kordero ay Abril. Ganoon nga mismo. Ipinanganak Siya sa ilalim nung korderong 'yun. Ganoon nga Siya. Siya ang Cordero ng Diyos. Siya 'yun na naroon noon na humalili sa puwesto ni Isaac. Amen. Hindi n'yo ba nakikita?

<sup>209</sup> Hayun nga 'yun, maliwanag na maliwanag na ipinapakita rito, ang maharlikang-Binhi na Nobya ay hindi tatawagin sa pamamagitan ng babae, ng iglesya, ng maka-denominasyong babaing kambing na hain. Hindi. Bagkus sa pamamagitan Niya, ang nahayag na Salita ng Lalaking Tupa, dahil Siya ang Salita at ang Lalaking Tupa, hayan nga. Hindi tinawag, ang sabi nga Niya, hindi tinawag sa pangalan ng *babae*, bagkus, "Tinawag sa pamamagitan ng Pangalan ng *Lalaki*. Kanyang ilalabas ang mga Gentil," hindi para sa pangalan ng babae, bagkus, "para sa Pangalan ng Lalaki," dadalhin ang Pangalan ng Lalaki. Oh, ang

ganda! Ano ngang ikinatatakot n'yo, kung ganoon? Dadalhin ng Gentil ang Pangalan ng Lalaki, ng Lalaking Tupa; hindi ang pangalan ng babae, ng iglesya. Hindi babae; kundi Lalaki! Hallelujah!

<sup>210</sup> Makikita't makikita Ito ng maharlikang Binhi. Hindi n'yo ba nakikita ang Malakias 4 na natutupad na? "Ipanunumbalik ang orihinal na Pananampalataya, ang Salita ng Diyos!" Tunay kayo na mga tao'y nakikita n'yo na ito nang lubos. May liliinaw pa ba. Iwan n'yo na ang denominasyon. Aba'y, manumbalik na sa Salita. At ang Tinig ng huling araw, at ang tanda ng huling araw, ay ang madala ang mga tao na maibalik sa orihinal na Pananampalataya, 'yan mismo ang sinasabi ng Malakias 4, ang maipanunumbalik sa Salita.

<sup>211</sup> At Siya na lalaki ang Salita, hindi babae; Siya na lalaki, amen, ang Pangalan ng Panginoong Jesus; ang pinagtibay na Salita ngayon sa pamamagitan ng pangako, ang Salitang ipinangako.

<sup>212</sup> San Juan 14:12, "Ang mga gawa na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Malakias 4, ganun din ang sinasabi roon. Dito rin, sinasabi ng Lucas 17 sa atin, na, sa huling mga araw ang paglalantad ng sanlibutan ay magiging ganitong-ganito mismo, "kung paano sa laman ng Sodoma," at ang Diyos ay bababa, mahahayag sa laman ng tao, at matatalos ang mga lihim ng mga puso. Hmm, hmm. Sinabi mismo ni Jesus ang bagay na 'yun, at matutupad at matutupad 'yun, "sa mga araw na nahahayag ang Anak ng tao," sa katapusan ng sanlibutan.

Kita n'yo, hindi iglesya ang binanggit diyan, "Na umanib kayo sa *ganito*, umanib sa *ganoon*."

<sup>213</sup> Haya't, ang sinabi'y lumakip sa Kanya! Yun ang dapat na kahantungan ng binhi ni Abraham, inialay mismo ang hain, na humalili sa kanyang literal na binhi. Paano naman sa kanyang espirituwal na Binhi, amen, sa Kanyang maharlikang Binhi, ang Reynang Binhi? Amen. Oh, kung makikita n'yo lamang! Tandaan, ano 'yun? Ang laman at ang Espiritu'y naglalakip, pinagiging isa.

<sup>214</sup> Tingnan n'yo sa Mateo, sa ika-3 kabanata. Heto ang laman, Anak ng Diyos na ipinanganak ng birhen, dumarating mula sa—mula sa bayan, papalapit kay Juan Bautista.

<sup>215</sup> At hayun siya, nakatayo roon sa tubig. Ang sabi ng Biblia, "Ang Salita ng Panginoon ay palaging dumarating sa propeta." Tama po ba? At si Juan ay isang propeta. Wala silang propeta nang daan-daang taon bago 'yun.

<sup>216</sup> Pero heto nga siya, isang propetang nakatayo roon, at siya nga'y nagpropesya na si Jesus ay darating. Siya'y namalagi sa ilang nang matagal na panahon, at prinoproklama niya na nakakita siya ng tanda. Sinabi sa kanya ng Diyos na ang tanda na 'yun ay kalakip ng Mesiyas na 'yun, sa pagparito Nito. Ang

sabi niya, “Siya’y nakatayo sa piling n’yo kung saanman maski sa oras na ito ngayon. May Isa sa kalagitnaan ninyo, na ang Kanyang mga panyapak ay di ako karapat-dapat na kalagan man. Mahahayag Siya isa sa mga araw na ito. At kapag Siya’y nahayag, haya’t ako’y bababa, Siya’y madadakila.”

217 Mangyaring napatanaw siya, at nakita niya ang tanda na ’yun; sabi niya, “Heto na Siya ngayon na dumarating. Narito ang Cordero ng Diyos na nag-aalis ng kasalanan ng mundo.”

218 Ang matandang mangangaral na Baptist, na si Doktor Davis, na nagbautismo sa’kin sa samahan ng iglesyang Baptist, tinalakay niya ’yun sa akin noon. Sabi niya, “Alam mo ba kung anong nangyari dun, Billy?”

Tapos sabi ko, “Hindi, hindi ko alam, Doktor.”

219 Sabi niya, “Ganito ang nangyari. Si Juan kasi’y di pa siya nababautismuhan ng mga oras na ’yan.” Sabi, “Binautismuhan ni Juan si Jesus, tapos bumaling si Jesus at binautismuhan naman si Juan.”

Sabi ko, “Di ko—di ko masasabing ganoon nga.”

220 Kaya patuloy kong ipinanalangin ang tungkol dun. Isang gabi sa isang pangitain, heto pala ’yun. Kita n’yo? Hindi pala Niya, di pala Niya, hindi binautismuhan ni Jesus kailanman si Juan. Buweno, ano?

221 Ang sabi niya, “Ako ang kailangan na bautismuhan Mo, at bakit Ikaw ang lumalapit sa akin?”

Sabi ni Jesus, “Hayaan mong mangyari ito.”

222 Matyagan n’yo ’yung dalawang mga matang ’yun, dalawang mahahalagang lalaki sa lupa; *hayun* ang Diyos, *heto* naman ang Kanyang propeta, at ang Salita’y dumarating sa propeta. Kung ang Salita’y nasa laman, darating at darating pa rin Iyon sa propeta. Kahit na nasa anumang kalagayan Iyon, darating at darating Iyon sa propeta. Kinakailangan nga. Yan ang sabi ng Biblia. Ngayon. . . At heto nang dumarating. . . Siya ang Salita. “Sa pasimula ay ang Salita. At ang Salita ay nagsalaman at tumahan sa gitna natin.” At hayun nga na dumarating ang Salita sa propeta, sa tubig, para tuparin at patotohanan ang kanyang propesiya. Amen. Heto nga na nakatayo Siya roon, at heto nga ang dalawang matang ’yun na nagtagpo sa isa’t isa; ang isa’y sa propeta, at ang isa’y sa Salita.

223 At siya, si Juan, sa pagpapakababa niya sa harapan Niya, ang sabi niya, “Ako po ang dapat Mong bautismuhan, at bakit Ikaw ang lumalapit sa akin?”

224 Sabi Niya, “Hayaan mong mangyari ito, sapagkat iyon ang nararapat sa atin,” karapat-dapat sa atin, kita n’yo, “nararapat para matupad ang buong katuwiran.”

225 Si Juan, sa kanyang pagiging propeta at nakikilalang ang Salita 'yun, dahil dumating ang Salita sa kanya, nakilala niya na 'yun ang Hain. At ayon sa Kautusan, ang Hain ay kailangan na mahugasan bago 'yun maipresenta. Saktong-sakto. Haya't binautismuhan niya si Jesus dahil si Jesus nga ang parating na Hain. Bago Siya sumabak sa buhay Niya sa kalipunan ng mga tao, kinakailangan Niyang mabautismuhan, dahil ang Hain ay kinakailangan na mahugasan muna bago maipresenta. Amen. At kanyang binautismuhan Siya.

226 At nung magawa na niya, si Jesus nga'y umahon mula sa tubig. At tumingin ang propeta at nakita niya ang Espiritu ng Diyos, na katulad sa isang kalapati, at may isang Tinig na nanggagaling mula Roon, nagsasabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak na sa Kanya ay Ako'y lubos na nalulugod tumahan." Ang Diyos at tao ay naging isa.

227 Si Adan at si Eba ay iisa, sa pasimula. At nung Kanyang paghiwalayin sila, ang babae'y nahulog, dahil sa Salita. Ang babae'y nalihis sa Salita. Nahulog siya.

228 Ganun din ang nangyari sa bawat kapanahunan ng iglesya, nahulog nang ganoon, dahil sa maling pagpapakahulugan sa Salita. Hinayaan na ipaliwanag 'yun, na ipinaliwanag Iyon ni Satanas kay Eba, "Oh, sa katunayan *Iyon* nga'y di totoo. Sa katunayan *Ito*, sa katunayan ang mga *ito'y* di lahat ganoon. Di *Ito* ganoon. Oh, siyanga, nalalaman ko, sa katunayan. . ."

229 Pero kung Diyos na mismo ang nagsabi, Iyon na 'yun. Wala nang "sa-katunayan-sa-katunayan" Rito. Kinakailangan mong maipanganak na muli. Kinakailangan mong tanggapin ang Espiritu Santo. Yun mismo o mapapahamak ka! Pansinin.

230 At heto Siya—heto Siya na parating, si Jesus at ang Diyos ay naging isa. Sila'y naglakip.

231 Katulad sa Eden, kung saan si Adan at si Eba sa pasimula, ay siya ring isang espiritu. Ang mga pangalan nila ay tinawag na Adan. Kita n'yo? Siya'y si Adan at si Eba, magkalakip. At nung mahiwalay, para subukin, anong nangyari? Nahulog si Eba, sa Salita. Yun ang Salita. Sumaklolo si Adan sa kanya, para tubusin siya, pero di niya kayang gawin. Di siya karapat-dapat para tubusin ang babae.

232 Pagkatapos dumating ang Ikalawang Adan, para tubusin ang Iglesya, na anino't tipo nun.

233 Ngayon, kung paanong si Adan at si Eba ay kinakailangan na siya ring iisang espiritu, haya't si Cristo at ang Iglesya ay kinakailangan din na siya ring iisang Espiritu, siya ring iisang pagmi-ministryo. "Ang mga bagay na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo." Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Kinakailangan nilang maglakip na maging isa. Ang laman at ang dugo, at Diyos, ay kinakailangan na maglakip at maging isang Espiritu. At maging si Jesus Cristo at Kanyang

Iglesya ay isang Espiritu. Papaanong maikakaila ng iglesya ang paglalang, papaanong maikakaila ng iglesya ang bagay na sinabi sa kanila ni Jesus na gawin, papaano natin maikakaila Ito at pagkatapos ay sasabi-sabihin na kaisa tayo kay Cristo? “Kung kayo’y nananatili sa Akin, at ang Aking mga Salita ay nananatili sa inyo, hilingin ninyo ang anumang nais ninyo at ito’y ibibigay sa inyo. Ako ang Puno ng Ubas, kayo ang mga sanga, at ang Buhay na naroon sa puno ng ubas ay dumadaloy mismo sa sanga para magbunga.” Mga nagbubunga!

<sup>234</sup> “At bawat sanga na di nagbubunga ng mabuting bunga, ay pinuputol.” Ganoon ang ginawa ng mga organisasyon, iyon nga’y sinira, sinalaula ang Salita, at sige’t nagsimula sa ganun. At hayan nga ang isa na magsisimula sa direksyon na *ito*, at ang isa nama’y sa direksyon na *iyon*, at, malalaman mo na lang, may grupo na ng mga Ricky na nakakapasok dun at ipinapasok ang kanilang ideya roon, at, malalaman mo na lang, aba’y naging malaking kumpol na ng Babilonia. Sadyang puputulin Niya ’yun.

<sup>235</sup> Kahit kailan ay wala pang organisasyon na nakatayo uli, mula sa pagkakabagsak. Haya’t ang lahat na nahulog, hindi na nga nakabalik pa. Hinahamon ko nga ang kahit sino. Siyanga, po. Alam n’yo naman ang kasaysayan. Wala kahit isa. Ang Diyos, sa mismong punto na sila’y mag-organisa, Kanya ngang isinalansan na sila sa istante, at ’yun na ang katapusan nun. Kukuha Siya ng isang lalaki mula sa ibang lugar, ilalabas. Tunay.

<sup>236</sup> Pansinin dito ngayon, kinakailangan na mapaglakip. Sabi ni Jesus, noon, “Ang Buhay na naroon sa Kanya ay mapapasa Iglesya Niya.” At heto na nga mismo nang ganap ang Kanyang ipinangako sa huling mga araw, ang Buhay na naroon noon kay Cristo, na naroon sa . . . ay mahahayag sa huling mga araw na ang sanlibutan ay mapapasa kondisyon ng Sodoma kagayang-kagaya sa nangyayari ngayon. Di n’yo pa ba nakikita, kapatid na lalaki, kapatid na babae?

<sup>237</sup> Anong mabuting maidudulot ng pakikianib-anib sa iglesya kung wala ka namang Cristo sa buhay mo, na ipinagkikilanlan ni Cristo ang Kanyang Sarili sa buhay mo? Kita n’yo, ganoon nga. “Ang mga tandang ito ay lalaking sa kanila na mga nagsisi sampalataya.” Yun mismo ang sinabi Niya. Paanong nasasabi n’yo, kung di naman, paanong inaangkin n’yo na kayo’y kaisa na kay Cristo?

<sup>238</sup> Sasabihin n’yo, “Kapatid na Branham, ano’t papaano mo makukumbinsi ang mga tao sa bagay na ’yan, sa intelektuwal na panahong ito na panay denominasyon na?”

<sup>239</sup> May tinanong akong babae, di pa katagalan, “Isa ka bang Cristiano?” Sa ospital po. Sabi nung babae, “Kung di mo pa alam

ako'y nagsisindi ng kandila gabi-gabi." Na mistula bang may kinalaman 'yun sa pagiging isang Cristiano? Ako'y . . .

<sup>240</sup> Nagpunta nga ako sa isa namang babae, at ako . . . may isa pong babae na nakaratay dun, may sakit, siya at ang anak niya na lalaki. At sabi ko . . . Pumasok ako roon. Sabi ko, "Ginang, maaari mo bang . . . Sige," sabi ko, "kilala ko po kayo. Kayo si Gng. Oliver."

<sup>241</sup> Sabi niya, "Opo, Kapatid na Branham." Sabi niya, "Talaga pong malala na ang sakit ko, Kapatid na Branham. Di matukoy ng doktor kung anong problema sa akin. Puwede mo ba akong ipanalangin? Yun ang dahilan at pinatawag kita."

<sup>242</sup> Sabi ko, "Sige po, Kapatid na babaing Oliver." Sabi ko, "Maaari mo bang iyuko ang iyong ulo?"

<sup>243</sup> Bigla na lang may nagsabi, "Sandali lang! Hatakin n'yo 'yung kurtina!"

<sup>244</sup> Tapos sabi ko, "Buweno, sige po." Sabi ko, "Ako lang po'y mananalangin. Isa po ba *kayong* Cristiano?"

Sabi nung babae, "Methodist kami."

<sup>245</sup> "Buweno," sabi ko, "hindi 'yan ang tinatanong ko sa iyo. Ang tinatanong ko po ay kung kayo po'y Cristiano."

Sabi nung babae, "Hatakin n'yo na lang 'yung kurtina!"

<sup>246</sup> Kita n'yo, ganun na mismong kakitid. Papaanong may mga ganun palang mga tao? Sadya ngang kaitiman at kadiliman, sila'y hinahadlangan ng maka-denominasyong pagkakaiba-iba mula sa mga pagpapala ng Diyos. Talamak 'yun sa lahat ng mga denominasyon. Ganoon mismo. Kapatid, huwag kayong tumugaygay dun sa *babae*; ang panghawakan n'yo ay Siya na lalaki. Huwag ang pangalan ng *babae* ang kunin n'yo; ang kunin n'yo ay 'yung Kanya na lalaki, kita n'yo, kunin n'yo ang Kanyang Pangalan.

<sup>247</sup> Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, papaano mo 'yan maipangyayari sa panahon ngayon? Papaano nga namin 'yan gagawin?"

<sup>248</sup> Kanyang binitiwang na ang pangako na Kanya mismong gagawin, sabi, "Huwag kayong matakot, munting kawan, dahil kalooban ng inyong Ama na ipagkaloob sa inyo ang Kaharian."

"Papaano Niya 'yun gagawin?"

<sup>249</sup> Hanggang ngayon ay nananatili pa rin Siyang Jehovah-Jireh. Siya pa rin si Jehovah-Jireh. Magagawa ng Diyos na maglaan para sa Sarili Niya ng isang Iglesya. "Magagawa ng Diyos na gumawa mula sa mga batong ito ng mga anak kay Abraham." Siya, kayang-kaya, Siya ay Jehovah-Jireh.

Sasabihin n'yo, "Gagana kaya?" Tiyak 'yun. Diyos mismo ang nangako.

"Sa tingin mo ba maipangyayari mo . . .?"



<sup>250</sup> Hindi ko maipangyayari, pero Kanyang ipangyayari. Hindi nakaatang sa akin ang pagpapangyari Rito. Ang nakaatang lang sa akin ay ang ipangaral Ito. Sa Kanya nakaatang ang pagpapatunay Rito. Sa Kanya nga. Kung ako'y maninindigan sa Katotohanan, Siya'y titindig Roon. Kanyang napatunayan na ito noon, at kaya magagawa Niyang gawin 'yun.

Sasabihin n'yo, "Laganap na ang kadiliman."

<sup>251</sup> Oo, alam kong laganap na talaga ang kadiliman. At lahat ng mga eklesiastiko'y tumutugaygay na mismo tungo sa napaka laking organisasyon na ito, patungo sa pagkapaslang.

"Kaya anong magagawa mo tungkol dun?"

<sup>252</sup> Naalala ko tuloy ang isang munting kuwento. Marahil po'y ikukuwento ko lang ito bago magtapos. Doon sa Carlsbad, New Mexico, dito, may naglalakihang mga yungib sila roon, alam n'yo. Sila—sila po'y pumapasok dun nang mga isang milya ang layo, pailalim dun. Hindi ko nga gusto 'yung ganun. Yung mga sumusuong dun ay parang insekto sa ilalim ng lupa. At 'yung yungib nga'y paibaba, at, oh, talagang parang hatinggabi ang dilim sa loob. At may maliit na batang babae na nakatayo roon, oh, siguro, mga kasing liit ng batang ito *riyan*. At 'yung kapatid na lalaki nung batang babae'y nakatayo naman sa isang banda *rito*, sa kabilang banda, kasama ang isang tagapanguna sa daan na nagdala sa kanila roon. Haya't nakatayo sila noon sa isang madilim na lugar, at may ilawan naman, nakasindi ang lahat ng mga ilaw. At 'yung tagapanguna, para . . .

<sup>253</sup> Yung tagapanguna sa daan ay nagpunta roon sa ilaw. At 'yung batang lalaki ay lumalakad sa tabi niya, nakatingin dun sa tagapanguna sa daan. Mangyaring 'yung tagapanguna ay nagpunta sa dako roon, at kinapa 'yung switch at pinatay 'yung switch. Oh, naku, grabeng kadiliman! Isang milya ang lalim sa lupa, alam n'yo, ganoon na lamang kadilim na di mo kita kahit ikaway-kaway mo ang kamay mo, wala kang makikita talaga.

<sup>254</sup> Pagkatapos 'yung maliit na batang babae ay nagtitili nang husto. Talagang napapatalon siya nang taas-baba at tumitili, talagang napapatili nang husto . . .

<sup>255</sup> At sa lahat ng pagtili na 'yun, ang maliit na batang lalaki ay nakatayo sa isang gilid, sabi niya, "Oh, munti kong kapatid! Oh, munti kong kapatid!"

Sabi nung batang babae, "Ano 'yun, munti kong kapatid na lalaki?"

<sup>256</sup> Sabi, "Huwag kang matatakot. May lalaki rito na kayang magsindi ng mga ilawan."

<sup>257</sup> May Lalaki nga rito na kayang magsindi ng mga Ilaw. Siya, Siya si Jehovah-Jireh. Kita n'yo? May Lalaki nga rito, dito sa piling natin ngayong gabi, ang Espiritu Santo, kaya Niyang sindihan ang mga Ilaw. Siya ang Salita, ang Lalaking ito na

kayang sindihan ang mga Ilaw. Di ko alam kung papaano Niya 'yun gagawin. Hindi ukol sa akin na makaalam kung paano, pero nalalaman nga Niya kung papaano buksan ang switch. Tinupad Niya ang pangako. Tinupad Niya 'yun noon nung ang sundang ni Abraham ay nakaamba na sa leeg ng kanyang anak; Kanyang sinindihan mismo ang Ilaw. Oo. May kakayahan Siya na sindihan muli ang Liwanag sa gabing ito.

<sup>258</sup> Halina't iyuko po natin ang ating mga ulo pansumandali. Lingapin nawa ng Diyos, na Kanyang buksan ang munting switch na 'yun sa inyong puso.

<sup>259</sup> Mga kaibigan, sa sanlinggong ito ay nasaksihan n'yo ang dakilang Espiritu Santo sa kalagitnaan natin. Walang pasubali riyon. Pero, oh, ang munting Ilaw na 'yun ay mabuksan, sa gabing ito. Huwag na huwag n'yo Itong palalampasin, kapatid kong lalaki, kapatid na babae. Sa tingin ko kahit sa isang munting kabanata lang na ito ni—ni Abraham, ay napatunayan nga mismo, habang pinag-uugnay 'yun nang pabalik at pausad, mula Genesis hanggang Apocalipsis, haya't napatunayan kung anong oras na ang kinabubuhayan natin ngayon; na si Cristo, ay tinanggihan muli ng ating bansa; mga lindol sa iba't ibang dako; Sodoma't Gomorra na; ang iglesya sa kondisyong 'yun, na ganap na inaanyuan ang larawan ng hayop. Lahat ng mga bagay na ito na nagaganap, gaya ng sinabi ng Biblia, at inyo ngang nauunawaan ito. Kita n'yo? Ngayon kung wala itong dakilang karanasan na ito na kalakip si Cristo, kung ang Buhay ni Cristo'y mapasa inyo . . .

<sup>260</sup> Ngayon tingnan n'yo nga ang inyong sari-sarili sa salamin ng Diyos, at siyasin n'yo mismo kung mapagkikilanlan n'yo ang inyong sarili ngayong gabi. Kung kayo'y nabuhay noon sa panahon ni—ni Noe, nung panahon ng delubyo, sa aling panig kaya kayo mapagkikilanlan? Kung kayo'y nabuhay noon sa panahon ni Moises, sa aling panig kaya kayo matatagpuan? Kung kayo'y nabuhay noon sa panahon ni Cristo, sa panahon na ang lahat ng kaiglesyahan ay laban sa Kanya? Haya't kinailangan Niyang tumindig doon na mag-isa, at hayan ang mga bagay na ginawa Niya. Ang tanging bagay lang, ang Diyos ay kalakip Niya, 'yun lang ang tanging bagay. Mangyaring maging ang lahat ng mga alagad Niya'y, halos, lalakad na sana palayo sa Kanya. Pero sa anong panig nga, diyan nga mismo sa kasalukuyang estado mo ngayon, saan nga kayo, sa aling panig kaya titindig? Sa aling panig kaya naroroon ngayon, kapag nakita n'yo Siya muli na narito mismo sa piling natin?

<sup>261</sup> Ngayon Siya po'y narito, at may kakayahan na buksan ang Ilaw sa loob ng inyong puso, at sadyang magagawang punuin ang buhay n'yo ng Espiritu Santo. Ilan nga ang narito ngayon, habang nakayuko ang inyong mga ulo, at maging ang inyong mga puso, rin, ang mananalangin kasama ko sa sandaling ito?

262 Ngayon, Makalangit na Ama, nababatid po namin na di Ka lang basta paririto at—at gagawin ang mga bagay-bagay para lang ipakita na kaya Mong gawin 'yun. Iyo ngang ginagawa 'yun nang may kadahilanan. At, Panginoon, sa sanlinggong ito, nararamdaman ko po ang pangunguna na maghintay lamang hanggang sa minutong ito, sa mismong sandaling ito, na makita muna nila ang Salita na pinagtitibay. Wala na ngang kahit ano na magpapasubali pa rito. At sa isa mismong tauhan na ito, si Abraham, hayan ngang ang lahat ng mga tauhan sa Biblia'y nakaugnay rito, at nakikita namin kung saan nga ba kami nakapuwesto ngayon.

263 Ama, sa paputol-putol po na pananalita, pero ito lang po ang pinakaabot ng kakayahan ko. Dalangin ko po ngayon na ang dakilang Espiritu Santo rito, na nakakatalos ng lihim ng bawat puso, ay mangusap mismo sa puso na 'yan ngayon din. Mapangyari nawa, Panginoon. Ikaw po'y mangusap sa isang 'yun na di pa makakasama, kung Ikaw po'y paririto sa gabing ito, kung ang pintuan ay isasara na sa gabing ito, na kung sila po'y mamamatay sa daan nila pauwi, o mabunggo ng kotse at mapatay, o mamatay, na matatagpuang patay sa highaan sa kinaunmagahan, di nga sila maliligtas. Oh Diyos, nawa'y Iyong itulot na wala ni isa sa kanila ang mapalampas.

264 Kung sila'y bago lamang na nakianib sa iglesya, Panginoon, nawa sila'y di mahiya na humakbang at humingi sa Diyos ng pagpupuno ng Kanyang Espiritu, na ang Kanyang Buhay ay pumaroon mismo sa kanila. Kung di po nila maunawaan ang mga bagay na ito; haya't ang mga alagad ay di rin naman nila naunawaan noon, pero sila nga'y nangsihawakan hanggang sa ang Espiritu Santo ay binuhos, at pagkatapos ay kanila nang napag-unawa Ito, at isinulat ang Biblia. Dalangin ko po, Ama, ngayon, na Ikaw nga'y mangusap sa bawat puso at itulot na kanilang mabatid na ang Lalaking 'yun na may kakayahang magsindi ng Ilaw ay naroon lamang sa may pinto ng kanilang puso.

265 Habang ang mga ulo nati'y nakayuko ngayon. Ilan dito ang sadya ngang magpapakatapat lamang, at magsasabi, "Kapatid na Branham, alam ko—alam ko na ako'y hindi tuwid sa Diyos"? Gusto ko pong—gusto ko pong itaas n'yo ang inyong kamay. Sige po't panatilihin lamang na nakayuko ang inyong ulo, ang lahat po, pero itaas lamang ang inyong kamay. "Ako'y di tuwid sa Diyos." Pagpalain ka ng Diyos. Pagpalain ka ng Diyos. Sige. "Ako," mga kamay po, "Alam ko na di ako tuwid sa Diyos."

266 Kita n'yo, ang sinisikap ko ngang gawin dito, ay maging kaaya-aya sa Diyos para sa dakilang gawain ng pagpapagaling bukas. Kung makasusumpung ako ng lingap, ako—ako—ako nga'y naniniwala na wala nang kahit na anong bagay pa ang makahahadlang kundi ang dapat na mangyari, na ang Diyos ay

magpapagaling, kung magagawa ko lamang na maibunsod ang mga tao na manampalataya.

<sup>267</sup> Ngayon, kayo na wala pang bautismo ng Espiritu Santo, at alam n'yo na 'yun ang Langis. Kung wala kayong Langis sa inyong ilawan, di nga sila makakapasok.

<sup>268</sup> At kung may panahon mismo na makakabalita kayo, sa mga pahayagan, kung saan hayan nga ang mga Presbyterian, Lutheran. . . Tingnan n'yo sa magasin ng Christian Business Men. Ang mga Lutheran, Presbyterian, maski ang Katoliko, sila nga'y naghahanap ng bautismo ng Espiritu Santo, daan-daan mismo ang bilang. At iniisip ko nga kung nauunawaan ng mga Full Gospel Business Men na ang mga grupong 'yun ay di nila Ito matatamo?

<sup>269</sup> Sinabi ng Biblia, "Noong lumapit sila, sabi, 'Bigyan ninyo kami ng ilan sa inyong langis,' sabi nila." Yaong natutulog na dalaga, napagtanto nila na napakarami pala nilang oras para kumuha sana ng Langis, pero hindi nila ginawa. Kaya nung malapit nang dumating ang Nobyo, ang sabi nila, "Bigyan n'yo kami ng ilan sa inyong Langis." Sabi naman nila, "Sapat lang sa amin ang mayroon kami para sa aming sarili. Pumunta kayo't bumili sa kanila na mga nagtitinda." At habang wala sila, dumating ang Nobyo, at nakapasok mismo ang Nobya. At mangyaring ang iba'y iwinaksi na pala sa kadiliman sa labas, na magigising na lang at malalaman na tapos na pala ang Pag-agaw. "At sila'y naiwan kung saan magkakaroon ng pag-iyak at pagtatangis," panahon ng Kapighatian, "at pangangalit ng mga ngipin."

<sup>270</sup> Kapatid kong lalaki, kapatid na babae, ngayong gabing ito, kaibigan ko, kung di mo pa natatanggap ang Espiritu Santo, magagawa n'yo ba. . . o may sapat na kumbiksyon na malaman na kinakailangan n'yong taglayin Ito, magagawa n'yo po bang itaas ang inyong kamay, sasabihin, "Ipanalangin mo po ako, Kapatid na Branham. Nananampalataya ako na tayo'y narito sa Presensya ng Diyos. Ipanalangin mo ako. Di ko taglay ang Espiritu Santo." Pagpalain kayo ng Diyos. Haya't tingnan n'yo ang mga kamay, sa lahat ng dako. Hinahangad n'yo ba Ito, kung ganoon?

<sup>271</sup> Ngayon nalalaman ko, sa inyo na mga Methodist at mga Baptist, at iba pa, napakaraming samu't saring mga pagkapanatikong umiiral kasunod ng anumang mensahe.

<sup>272</sup> Ngayon sa inyo na mga Lutheran. Ako nga'y may nabasa kamakailan lang tungkol kay Martin Luther, sa isa sa kanyang mga libro na isinulat tungkol sa kanya, dito di pa katagalan. Sabi nila dun, "Hindi nakakabigla na nagawa ni Martin Luther na magprotesta laban sa iglesyang Katoliko at nakaligtas dun, pero 'yung nagawa niyang mapanatili na ang kanyang ulo'y

nakaaangat pa rin mula sa lahat ng mga pagka-panatiko na umiral kasunod ng kanyang rebaybal ang kamangha-mangha.”

273 At ganun po 'yun, may halo-halo kasing madla sa bawat rebaybal. Alam n'yo mismo 'yan. Pero ngayon, alalahanin n'yo, ipinapakita lang diyari na may tunay talaga. Kapag nakakita kayo ng pekeng dolyar, o may kung sino na umaakto na parang taglay nila ang kung anong bagay, alalahanin n'yo lagi na may isang tunay na pinaggayahan. Kung di 'yun gaya-gaya, haya't 'yun mismo ang tunay. Kita n'yo? Kaya kung napagkikilala n'yo na ang isang bagay ay di orihinal, may orihinal.

274 At ang orihinal na 'yun ay ang tunay na Jesus Cristo, ang Isa na naroon, na nakababatid ng bawat lihim ng inyong puso sa mismong sandali na ito ngayon. At ngayon ay tatanungin ko kayo, kung nasaksihan n'yo na Siya, at napakinggan na itong mga patotoo na lahat ng tungkol sa mga napagaling, at kung paano mismong ang mga puso ng mga tao'y tinalos sa buong sanlinggo na ito, at inyong . . . Siya nga 'yun na nakikipag-usap sa inyo. Siya 'yun. Binubulay ko kung makasasampalataya kayo na ang pananalangin ko, at para sa inyo, ay makatutulong sa inyo?

275 Alalahanin n'yo, ang Espiritu Santo nga'y ipinagkaloob sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Si Pedro po, matapos na si Felipe ay nagpunta sa Samaria at binautismuhan ang lahat ng mga tao sa lugar na 'yun, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ay heto nga, si Pedro na pumaroon at pinatungan sila ng mga kamay, tapos ang Espiritu Santo'y dumating mismo sa kanila. Kita n'yo?

276 Ngayon kung sumasampalataya kayo roon, iniisip ko kung gusto n'yong pumarito, bawat isa sa inyo na di ligtas, o di pa natatanggap ang Espiritu Santo, ay pumarito't tumayo lamang dito pansumandali, hayaan n'yong ipanalangin ko kayo. Sige po't pumarito lang sa gitna, saanman kayo, sige't tumayo lang dito. Lumapit lang dito at hayaan n'yong—hayaan n'yong ako'y makapanalangin kasama n'yo pansumandali. Pagpalain kayo ng Diyos.

277 Ngayon ang bawat isa po'y umawit mismo ngayon. *Almost Persuaded*, kung mamarapatin mo. Kapatid na babaing Downing, dito, kung mamarapatin mo. Sige po.

278 Maaari ka bang lumapit *dito*, kapatid ko? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid ko. Ang bawat isa po'y tumaimtim na ngayon, manalangin. Marahil ito na ang pinaka mahalagang sandali, marahil pagitan na ng kamatayan at Buhay ang nakataya rito, sa marami't, maraming mga tao.

279 Lahat po ba'y naparito sa sanlinggong ito? Nasaksihan n'yo ba ang Espiritu Santo, kung ano mismo ang ipinangyari Niya sa buong sanlinggong ito sa kalagitnaan ng mga tao?

“...-ded,” Christ to receive;

Oh, He’s now, some soul to . . .

280 Maaari na ba kayong magsilapit, na mga walang Diyos, walang Espiritu Santo? Sinasabi n’yo ba, “Kaanib naman ako sa iglesia, Kapatid na Branham”? Hindi ’yan, hindi po ’yan ang tinutukoy ko. Ang ibig ko pong sabihin, kayo po ba’y puspos na ng Espiritu ng Diyos?

“ . . . more . . . ”

281 Wala na nga kayong mahahanap na mas mainam na araw kaysa sa ngayon na mismo, sa mga oras na ito na ipinagkilala na si Jesus Cristo sa kalagitnaan natin.

“ . . . on Thee . . . ”

282 Paano kung namatay ka bago mag-umaga? At pagkatapos ay wala ka nang panahon para tumawag. Maaari bang dumulog na kayo mismo ngayon habang Siya’y tumatawag pa?

“Almost persuade,” . . .

Sige po, magpatuloy lang sa paglapit.

. . . come, come today;

“Almost persuaded,” turn not . . .

283 Maaari po bang lumapit na kayo ngayon? Nababatid ko na may kung anong bagay sa puso ko na sinasabi sa akin na may ilan pa riyon na nagpipigil. Huwag, kapatid, huwag!

. . . Angels are lingering near,

Prayers rise from hearts so dear; O wanderer,  
come. (Ngayon tunay . . .)

284 Pakinggan mo, kaibigan. Naniniwala ka ba na ang Espiritu Santo, sa buong sanlinggong ito, ay pinatunayan na mismo na Siya’y nangungusap dito? Patingin po ng inyong kamay. Kung tutuusin ay dapat mas marami pa, o higit pa. Nararamdaman ko po ang Pakiramdam na ’yun. Kita n’yo, di Siya . . . May kung anong bagay na di pa akma. Mabuting lumapit na.

285 Alalahanin n’yo, di ko—di ko kayo mapupuwersa na kayo’y lumapit kung labag sa kalooban n’yo. Pero naniniwala nga ako na baka ito na ’yung oras talaga, ang lahat ng sa tingin n’yo ay puwede naman sigurong ipabukas, pero marahil nakahanda nang mangyari mismo ngayon. At marahil ito na ’yung, sana nga hindi pa, pero baka ito na ang huling beses na kayo’y tatawagin kahit kailan. Alalahanin n’yo, hindi Niya laging sisikapin. Tatawag Siya, at pagkatapos ay tatalikod na Siya palayo sa inyo, di na darating pang muli.

286 Bakit di n’yo gawing lumapit na mismo ngayon? Magagawa n’yo bang lumapit na rito at sige’t iharap ang inyong sarili sa Diyos? Sabihin, “Ako po’y lalapit na titindig. Pipiliin ko ang daan na ’yun. Di ko ikinahihiya. Ako’y kaanib sa iglesia, pero gusto kong malaman mismo ng buong mundo na ako’y handa

na para tanggapin si Cristo sa aking puso, ang Espiritu Santo. Ako po'y lumalapit na ngayon para gawin mismo ito. Handa na akong maituwid, maging isang tunay na Cristiano na talaga, isang tunay na binibini, isang tunay na ginoo." Magagawa n'yo na po bang lumapit? Sige't maghihintay lang tayo. Pumarito lamang, sige po, maging mula riyan sa mga balkonahe't gitnang pasilyo. Pumarito na mismo, sige't manindigan na kayo.

<sup>287</sup> Kaibigan, marahil di ko na kayo makikita muli sa panig na ito ng dakilang panahon. Pero kung di ko na magawa, tandaan n'yo, hindi n'yo ako masisisi, kung papaanong gayundin si Cristo. Ipinagkilala na Niya ang Kanyang Sarili sa inyo. Haya't masasaksihan n'yo Siya na gagawin ang siya ring bagay sa kaunting sandali lang po. Sige. Ngayon sige't dumulog lang, manindigan kayo.

<sup>288</sup> "Aba," sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, kinokondena mo yata ako." Hindi, hindi po.

<sup>289</sup> Kinokondena ko itong Pakiramdam na ito na nasa loob ko, kita n'yo. May kung anong Bagay rito, na nagsasabi, "Oh, may ilan pa. Marami pa." Kita n'yo?

<sup>290</sup> Ngayon sasabihin n'yo, "Buweno, ako, haya't kaanib ako sa iglesya, Kapatid na Branham. Isa akong Pentecostal. Di ko—di ko—di ko. . ." Di po 'yan ang sinasabi ko, kaibigan. Di 'yan ang tinatanong ko, mismo.

Ang tinatanong ko, "Tinanggap n'yo na ba ang Buhay ni Cristo?"

<sup>291</sup> Haya't sasabihin n'yo rin, "Kapatid na Branham, nakapag sasalita ako sa iba't ibang wika." Mainam 'yan. Pero di pa rin 'yan ang tinutukoy ko.

<sup>292</sup> Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, di ako nananakit ng kahit sino." Hindi pa rin 'yan ang tinatanong ko.

"Ang Buhay ba ni Cristo ay nasa sa inyo?"

<sup>293</sup> Huwag kayong magbaka-sakali, kaibigan. Huwag, huwag, huwag n'yong gawin 'yan. Baka kapag kayo. . . Kapag tumama na sa'yo ang kamatayan, huli na ang lahat. Kaya huwag n'yo nang paabutin sa ganoon. Kung maaari'y huwag.

<sup>294</sup> Ngayon marami-rami na tayo rito ngayon, sige't puwede pa ang ilan. Ako po'y mananalangin para sa mga narito ngayon, at pagkatapos para makapasok tayo roon, makapasok na sa isang silid doon para makapagpatong na kami sa kanila ng mga kamay, matanggap ang Espiritu Santo. At sige't mananalangin na tayo ngayon sa mga narito.

Iyuko n'yo na po ang inyong ulo pansumandali.

<sup>295</sup> Makalangit naming Ama, narito po sila na mga nakayuko rito, na mga kalalakihan at kababaihan, sila'y mga tao na patungo sa Walang Hanggan. Sila, tunay na patutungo sila,

nalalaman namin ito. At nakikita na namin ang mga lindol, na, haya't ang mundo'y nakaposisyon na ngayon. At nakikita si Cristo na dumarating sa amin at ginagawa ang mga bagay na Kanyang ginagawa mismo, at nakikita ang Mensahe, ang Salita na lumalaganap, at pagkatapos nakikita Siya na itinataguyod Ito at pinagtitibay Ito na Katotohanan talaga, na tinatalos ang bawat lihim ng puso. At ang mga tao na narito ngayon ay nagsilapit na para makapanindigan. Di nila kayang gawin ito sa ganang kanila lamang. Sila'y nagsilapit dahil sila nga'y pinatnubayang lumapit.

<sup>296</sup> At, Ama, dumudulog ako ng panalangin para sa kanila sa mismong dako na ito. Di lamang sa kanilang kaligtasan, na sila ay maligtas, bagkus ang mapuspos din sila ng Espiritu Santo. Iyo pong ipagkaloob, Panginoon. Nawa'y ang bawat isa na mga nakatayo rito ay mapuspos ng Espiritu, at nawa'y mula rito ay umiral ang isang rebaybal na tutugaygay sa bansang ito, na sadya ngang liliglig sa komunidad na ito at sa buong palibot ng bansang ito. Iyo pong ipagkaloob, Panginoon.

<sup>297</sup> At ang bawat iglesya, at ang Methodist, ang Baptist, ang Presbyterian, church of Christ, Lutheran, anuman sila, nawa'y dumating sila sa isang rebaybal, Panginoon, na babalik ang mga taong ito na taglay na ang tunay na Espiritu Santo na inihahayag ang Diyos sa kanilang buhay. Iyo pong ipagkaloob, Ama. Sila'y sa Iyo na ngayon, at inihahandog ko sila sa Iyo. Ngayon aming dadalhin sila para makaparoon at papatungan sila ng mga kamay, Panginoon, nang sa gayon matanggap nila ang Espiritu Santo. Sa Pangalan ni Jesus.

Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo.

<sup>298</sup> Sige't hinihiling ko sa grupo *rito* ngayon, sumunod lang sa lalaking *ito* rito sa gilid n'yo, para siya, maibaling na namin kayo sa loob ng silid na ito rito. May lugar po kami rito para kayo'y makaluhod; lalapit kami para patungan kayo ng mga kamay, nang sa gayon matanggap n'yo ang Espiritu Santo. At kung kayo'y may sakit, kayo'y gagaling. At anuman 'yan na pangangailangan n'yo, kayo po'y pumarito lang ngayon. Sige't kami'y papasok kasama n'yo. Marami pa ang papasok, pero sila nga'y—sila nga'y medyo. . . Wala na pong espasyo para sila'y makatayo. Gawin na lang nating kabilaan ang bulwagan; dito, sige't pumasok po rito, dito—dito sa panig na ito *rito*. Sige po. Pagpalain kayo ng Diyos.

<sup>299</sup> Ngayon, sa iba pa sa inyo na narito ngayon; kapag ang mga tao rito'y lilipat na, kayo naman ang lumapit dito ngayon, para sa pananalangin. Tapos pupunuin natin uli ang puwestong ito rito, sa palibot uli ngayon.

<sup>300</sup> Papasok tayo dun para tanggapin ang bautismo ng Espiritu Santo. Papasok na tayo.



<sup>301</sup> Matapos na masaksihan natin ang pagkakakilanlan na 'yun ng Panginoong Jesus dito sa harapan natin, sa sanlinggong ito, at nabatid nang walang halong pagdududa, na Siya talaga 'yun na narito. Ngayon alalahanin, ang siya ring Espiritu Santo, ang siya ring Jesus na magsasabi sa akin kung anong suliranin sa mga taong 'yun, kung saan sila, sino sila, saan sila nanggaling, ano ang mangyayari sa kanila. At alam n'yo na di 'yun nabigo maski isang beses lang; at di 'yun mabibigo, hindang-hindi. Ang siya ring Espiritu Santo na 'yun ang nagsabi sa akin na gawin ito. Siyanga. Ginagawa ko po ito sa pangunguna ng Espiritu Santo.

<sup>302</sup> Ngayon habang ito po, kapag ang grupong ito rito ay nakalabas na mula sa kabilang silid na ito, bago tayo tumungo roon, gusto naming lumapit na kayo rito ngayon. Kayo rito, sige't lumapit lang, kumilos lang papunta rito ngayon. Ang iba pa sa inyo rito na nag-aasam ng bautismo ng Espiritu, sige po't kung maaari lang na lumapit na rito ngayon. Lumapit lang sa gawi rito. Pagpalain ka ng Diyos, kabataang lalaki. At kung ang ilan sa inyo ay may sakit, at di pa puspos ng Espiritu Santo, maaari lamang na lumapit kayo at tanggapin si Cristo, tanggapin Siya at pagkatapos ay makatatayo kayo nang mas maigi sa gabing ito.

<sup>303</sup> Itong binibini rito'y talagang naantig nang lubos. . . siya'y lubos na naantig na di siya makatayo. Inaalalayan siya patungo sa silid. Kayo po'y lumapit na ngayon, kayo, kayo po na mga kasunod rito ngayon. Napaka rami pang puwesto para kayo'y makatayo sa palibot ngayon. Lumapit lang kayo, kayo na mga kaanib sa iglesia, mga Methodist, mga Baptist. Di po namin hinihiling sa inyo na. . .

<sup>304</sup> Pakinggan n'yo, mga kaibigan, alam ko na sinasabi nila, "Ang Pentecostes, naorganisa naman na nila ang pentecostes." Mali po.

<sup>305</sup> Ang Pentecostes ay isang karanasan. Natanggap Ito ng mga Methodist. Natanggap Ito ng mga Baptist. Lahat nga sila'y natanggap nila Ito. Hindi inorganisa ang Pentecostes. Isa Itong karanasan. At kung wala pa kayo nitong karanasan na ito ng pentecostes, lumapit na kayo rito't tanggapin na Ito ngayon. Alalahanin n'yo, kung naniniwala kayo na ako nga'y Kanyang lingkod, Kanyang propeta, alalahanin n'yo, may tunay mismo na bautismo ng Espiritu Santo. Na sa gitna ng lahat ng pagkapanatiko, ay may tunay mismo na Espiritu Santo, isang tunay mismo na Buhay. Lumapit na kayo, sampalatayanan na Ito mismo ngayon.

<sup>306</sup> Magagawa n'yo bang lumapit habang umaawit tayo ng isa, dalawa pang talata sa awiting ito, nang sa gayon masigurado ko na ang aking kaluluwa ay malinis na bago ako umalis ng bayan na ito ngayon, na walang pananagutin na dugo? Alam ko na Siya'y nakikipag-usap na sa ilan. Bakit di pa kayo lumapit?

“ . . . -ded” now to . . . today;

Pagpalain ka ng Diyos, munting batang lalaki. Pagpalain kayo ng Diyos kayong lahat na mga nakatayo rito ngayon.

“Al- . . .” (Sige po. Lumapit lang.) “. . .-most persuade,”

<sup>307</sup> Halina kayo, mula sa saan mang panig ng gusali. Sa labas man, sa loob, sa mga balkonahe, saanman, halina kayo rito ngayon, dito mismo ngayon. Kunin n’yo na ang puwesto n’yo para kay Cristo. Huwag n’yo Siyang ikahihiya. Kung kayo po’y mamamatay na; ano kaya kung mararamdaman mo na lang na bigla na lang tumigil sa pagtibok ang puso mo sa sandaling ito ngayon? At, alalahanin, Siya na nangungusap sa iyo, Siya ang may hawak ng inyong puso sa Kanyang kamay. Natatalon Niya ang lihim ng inyong puso. Sinasabi ko po ito sa Pangalan ng Panginoon, kung may ilan pa ryan na natitira na nagnanais na makalapit. Bakit di kayo lumapit na ngayon? Sasabihin n’yo, “Ako po ba, Kapatid na Branham?” Oo, ikaw nga. Kung di ka positibo, huwag kang magbabaka-sakali.

. . .so dear; O wanderer, come.

“Almost persua- . . .” (Sige po. Sige po.) “. . .-ded,” harvest . . .

Sige po, halos papatapos na ang anihan. Halina kayo.

“Almost . . .”

<sup>308</sup> Darating ang isang araw, huli na ang lahat. Huwag n’yo nang hintayin pa ang kasunod na oras, kasunod na minuto. Kayo nga’y tumindig na mismo’t lumapit na. Kabataang lalaki, dalhin mo ang kaibigang babae mo. Dalhin mo ang kaibigang lalaki mo. Nanay, dalhin mo si tatay. Halina kayo, ngayon na mismo, lahat. Kabataang babae, kabataang lalaki, sino man kayo; matandang lalaki man, matandang babae, halina kayo. Ito na po ito. Kung matanda na kayo, alalahanin n’yo haya’t ipinakita ko lang sa inyo kani-kanina, sa pamamagitan ng Biblia, kayo’y babaguhin kung inyong tatanggapin ang Binhi ni Abraham.

. . .is but to fail!

Sad, sad, that bitter wail: “Almost, but lost!”

Atin nang iyuko ang ating mga ulo ngayon.

<sup>309</sup> Panginoong Jesus, Oh Diyos, saliksikin Mo po ang bawat puso. Saliksikin Mo ang bawat isa, Dakilang Espiritu Santo. Oh Diyos, nawa’y di mauwi ito sa walang saysay, maski sa isa mang tao. Nawa’y ang bawat isa mismo, bawat isa, Panginoon, ay sadyang maligtas. Huwag Mong pahintulutan na maski isa man ay maligaw sa daan, Panginoon. Inaangkin ko nga sila, sa Pangalan ng Panginoong Jesus, para sa—para sa mga hiyas ng korona ng aking Panginoon, oh, na ang Kanyang Presensya ay narito mismo ngayon, dakilang Haliging Apoy na kumikilos sa palibot ng buong gusali, kumikilos ng may kapangyarihan sa ibabaw ng mga puso. Dalangin ko, Diyos, na ang pusong ’yan ay

makalag mula sa mga tanikalang 'yun, at bumangon at lumapit nang may kataimtiman kay Jesus Cristo, sabihin, "Panginoon, nang buong ako, heto ako. Kunin Mo ako at ihulma, Panginoon, sa Iyong dakilang bahay-hulmahan; at punuin ako, at gawin akong anak na lalaki o anak na babae ng Diyos." Iyo pong ipagkaloob ito, Panginoon. Nawa'y mangyari ito.

<sup>310</sup> Habang patuloy tayong aawit ng isa pang talata, gusto n'yo pa ba? Pagkatapos dadako na tayo sa pagsasara ngayon, dagli, dahil kinakailangan nating tapusin na mapapunta ang iba pa rito sa kanila na natitira.

"Almost persua- . . ."

<sup>311</sup> Halina kayo ngayon. Sige't halina kayo ngayon, magagawa n'yo ba? Pagpalain ka ng Diyos, iha. "Sa bibig ng mga paslit, ay tumatanggap Siya ng papuri."

Oh, "Almost persuaded," oh, turn not away;  
Jesus. . .

<sup>312</sup> Siya 'yan na nag-aanyaya sa inyo, nangungusap mismo sa puso n'yo. "Ako kaya ang tinutukoy?" Kung may katiting pa riyang na pag-aalinlangan, kayo'y lumapit!

. . . are lingering near,  
Prayers rise from hearts so dear; O wanderer,  
come.

<sup>313</sup> Sige't atin nang iyuko ang ating mga ulo ngayon, habang ang mga ito'y naghahanda na. Ngayon sa inyong pagkakatayo rito, tumingin lang sa baba. Alalahanin n'yo, kinakailangan n'yong dumulong na may nangungusap. . . may kung anong pagpintig ng isang Bagay sa kaloob-looban n'yo, na sinasabi sa inyo na may kung anong munting bagay na mali sa buhay n'yo. Hinahangaan ko ang inyong pagtayo. Alalahanin n'yo, sinabi ni Jesus, "Kung ikinahihiya n'yo Ako sa harapan ng tao, ikahihiya Ko naman kayo sa harapan ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel. Pero ang kumikilala sa Akin sa harapan ng mga tao, ay kikilalanin Ko sa harapan ng Aking Ama at ng mga banal na Anghel."

<sup>314</sup> At ngayon may ilan na lang na natitirang mga tao sa dako rito ngayon, na handa nang sumama sa atin dito ngayon sa pananalangin, na kayo'y maliligtas at mapupuspos ng Espiritu Santo. Sige po't sabihin n'yo sa Kanya na nagsisisi kayo sa mga bagay na nagawa n'yo, at kayo'y magiging isang Cristiano na mula ngayon, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, at kayo'y nagnanais ng bautismo ng Espiritu Santo na mangunguna sa inyo sa pagtahak n'yo sa paglalakbay sa buhay na ito.

<sup>315</sup> Makalangit na Ama, sila'y mga hiyas sa Iyong korona. Sila nga'y di magsisilapit sana, di sila makalalapit sana, maliban na lang na may isang Bagay na magbababala sa kanila. At sinabi Mo, "Walang makalalapit maliban na palapitin siya ng Aking Ama. At ang lahat ng ibinigay na sa Akin ng Ama ay lalapit."

At heto na sila, dahil may isang Bagay na nagsasabi sa kanila na lumapit na. Mangyaring pagkatapos Ikaw nga'y magpapa simula na ng isang pagkilos, Panginoon. Dalangin ko na Iyong tatapusin na maging ito na 'yun, ngayong gabi, para sa kanila, Panginoon, sa pamamagitan ng pagpapaging sa kanila na mga anak na lalaki't mga anak na babae ng Diyos. Iyong ipagkaloob po ito. Nawa po'y wala ni isa sa kanila ang mapahamak. Inihaharap ko sila sa Iyo ngayon bilang mga tropeo ng Iyong Salita't ng Iyong Presenya. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>316</sup> Ngayon bumalik na kayo roon sa silid, hanggang sa kami'y makadako sa inyo. Pumunta kayo sa gawing kanan, dito. Sige po't ituturo sa inyo ng mga usher ang daan pabalik.

<sup>317</sup> At ngayon—ngayon iniisip ko kung ang personal na mga manggagawa ngayon ay maaaring lumapit, sumunod lang sa gawi rito papasok, marami tayong personal na manggagawa mula sa iba't ibang mga iglesya.

<sup>318</sup> Sa inyo na mga ministro na may pagnanais na bumaling dun kasama namin ngayon, para siguraduhin mismo na tama ang pagkakaganap dito o hindi, halina po kayo, sumama kayo sa amin pabalik dun. Halina kayo, lumuhod kasama ng inyong mga tao, nang sa gayon ay matanggap nila ang Espiritu Santo. Ang bawat isa, sige't bumaling lang kasama. . . Sa inyo na mga ministro, anuman kayo, Methodist man, Baptist, Presbyterian, kahit na ano pa kayo, halina kayo. Inaanyayahan kayo. Kayo po'y sumama lang sa mga taong narito.

<sup>319</sup> At sa inyo na mga personal na manggagawa mula sa iba't ibang iglesya, na alam kung papaano manalangin kasama ang mga tao, magpatong ng mga kamay sa kanila, halina po kayo ngayon. Sila'y—sila'y ipinuwesto mismo sa inyong mga kamay; sila'y mga tropeo ng Salita. Sige po't lumapit na ngayon sa oras na ito, ang inyong mga personal na manggagawa, at dumako lang dito, bago tayo magpasimula ng panibagong pagtitipon dito sa ilang sandali. Halina kayo, lumapit lang. Mainam 'yan. Magpunta lang po sa silid, napaka rami pang puwesto sa dako ryan sa likuran ngayon. Sige po't dumako lang dun at gawin lamang ang lahat ng magagawa n'yo para tulungan ang mga minamahal na mga taong ito. Diyan nga'y, inilapit sila ni Jesus; Kanyang nilambat sila papasok sa lambat ng Ebanghelyo. Ngayon dumako lang kayo sa kanila roon at tayo'y manalangin lamang kasama sila, na puspusin ng Diyos ang bawat isa sa kanila ng Espiritu Santo. Isara n'yo lamang ang mga pinto, manatili lang kayo roon sa loob hanggang sa may bagay na ipangyari. Ipinangako Niya na ipangyayari Nito. At ipinangako Niya ito, at tutuparin Niya ang Kanyang pangako. Siya nga'y ganoon na lang katapat sa Kanyang pangako, na magpapakita mismo sa harapan natin dito.

Panginoon, Iyo pong pagpalain sila!

320 Mga ministro, kayo po ba'y narito na? Mga mangangaral, mga karaniwang kasapi, na interesado na saksihan o akayin ang mga tao na makatanggap ng Espiritu Santo, ito na po ang nakaatang na tungkulin n'yo ngayon, kayo po'y dumako roon sa kanila, tumayo kasama ng inyong mga tao, kayo na mga kalalakihang sinanay nang lubos na may ganap na karanasan sa Espiritu Santo; at kayo man na mga kababaihan na sinanay nang lubos na nakakaunawa mismo kung anong ibig sabihin nito, kayo nga'y manatili kasama sila na mga kapatirang babae sa dakong 'yan ngayon. Kayo na alam n'yo ang gagawin, manatili kayo rian kasama nila sa dakong 'yan ngayon. Ito na mismo ngayon ang hustong oras para sa inyo. Ito na ang oras ng nakaatang n'yong tungkulin. Ito na ang bandera n'yo, sige't umusad na mismo. Pagpalain kayo ng Diyos. Siyanga. Sige't dumako sa inyong puwesto at dumako lamang dun kasama sila sa loob, at manatili roon at siguraduhin na—na ipangyayari ang bagay na 'yun, at tama ang pagpapangyari. Manatili roon hanggang sa makita n'yo ang katimpyasan ni Cristo sa bawat isa sa kanila. Kikilalanin kayo ng Diyos dahil diyan. Amen, at amen.

Oh, gustung-gusto ko nga ito. Tingnan n'yo lamang kung ano mismo ang nangyayari dun!

321 Mayroon pa bang isa pa rito na di pa pumaroon, na dapat ay pumaroon na? Kung mayroon pa, maaari po bang pumarito ka na't sundan mo lang ang mga personal na manggagawa sa loob? Gawin mo, maaari ba? Kung may isa pa po rito na—na parang sa pakiramdam mo ay—ay wala ka pa sa dapat mong kinaroroonan.

322 Ngayon, alalahanin n'yo po, kapatid na lalaki, kapatid na babae, di ko—di ko kayang ipangyari ito. Kita n'yo, ang Diyos ang Siyang Isa na makapangyayari sa mga bagay na ito, hindi ako. Ngayon dalangin ko na ipagkakaloob ng Diyos ang mga bagay na ito sa inyo, at pagkakalooban kayo ng isang—isang—isa mismong karanasan ng bautismo ng Espiritu Santo.

323 Lahat kayo ngayon dito na umiibig sa Panginoong Jesus, at nagnanais na pumasok doon at manalangin, bumaling kayo rito ngayon at manalangin kasama ang mga taong narito. Maaari po ba? Salamat. Salamat, kainam-inam.

324 Alam n'yo, kapag nakikita ko ang mga personal na mga manggagawa na sinasamahan ang mga tao, ako nga'y. . . gusto ko pong sabihin ito sa inyo na mga narito, haya't ipinapakita lang n'yan kung ano kayo. Marami na akong napuntahang mga lugar, hayan nga, at 'yung mga tao na inaasahan na mga taong puspos ng Espiritu Santo, at nakikita na nilang nagtatawag na ng pagdulog sa altar, tapos, hayan nga, di mo mapasunod ang mga tao na pumasok dun kasama ang iba, para manalangin kasama ang iba pa. Kita n'yo, ipinapakita lang n'yan na 'yun nga'y *Ichabod*, “ang Espiritu ng Panginoon ay humiwalay.” Kita

n'yo? Pero kapag ang nakikita n'yo ay 'yang ganyan ngang sigasig at Alab at pagkasabik, at talagang nananabik para sa kaluluwa ng mga tao!

<sup>325</sup> Napansin n'yo, sa buong sanlinggo, talagang ginugol ko ang oras ko, at umantabay lamang sa espirituwal na pagkilala sa pag-iisip at mga bagay na gaya nun, nang sa gayon ay masalo mismo ito ng mga tao't malaman nila na ang Espiritu Santo'y malapit lang pala, at pagkatapos ay dun pa lang tatawag ng pagdulog sa altar. Kayo na mga ministro'y haya't nauunawaan n'yo itong ginagawa ko? Kita n'yo, na tatawag ng pagdulog sa altar ngayon kapag ang mga tao'y kumbinsido na, ngayon daan-daan sa kanila ang nariyan ngayon para tanggapin ang Espiritu Santo. At marami ang pumasok roon kasama sila, para makapanalangin kasama nila.

Ngayon kung mayroon pang iba rito, nang sa gayon po . . .

<sup>326</sup> Sasabihin ko po ito, yamang nasaksihan n'yo na mismo ang Presensya ni Cristo, sa sanlinggong ito, na pinagtitibay mismo ang Sarili Niya rito. Haya't nasaksihan n'yo Siya mismo.

<sup>327</sup> At ngayon alalahanin n'yo, na, walang pananaguting dugo sa akin sa Araw na 'yun, kung bukas na ito. Tunay na darating 'yun, isa sa mga araw na ito. Haya't alalahanin mismo, tayo'y tatayo Roon. Maging sino ka man, tatayo at tatayo kayo Roon, ano't anuman. "Itinakda sa tao ang mamatay na minsan, at pagkatapos nito ay ang Paghuhukom," at tatayo tayo Roon.

<sup>328</sup> Ngayon kung di kayo nakakasigurado na taglay n'yo si Cristo, ang Espiritu Santo sa puso n'yo, at pinatutunayan nga Niya ang Kanyang Sarili roon, sa pamamagitan ng pag-ibig at kapayapaan at kagalakan at ng mga bunga ng Espiritu, at ang Buhay ni Cristo na nabubuhay na mismo sa inyo, kung ganoon, alalahanin n'yo, ang dugo n'yo ay wala sa mga kamay ko. Kahit mismo Siya'y di ituturing na nagkulang, dahil Siya'y nagpakita na mismo sa harapan n'yo, at inilantad ang Kanyang Sarili rito nang saktong-sakto sa mga Kasulatan. Ilan ang magpapatotoo rian, sa pamamagitan ng pagtaas ng inyong kamay, sasabihin, "Nasaksihan ko Ito sa sanlinggong ito"? Ganoon nga, kita n'yo, kung ganoon ay di dapat tayo magkulang. Wala kasi tayong maidadahilan.

<sup>329</sup> Ngayon baka may isa pang nagnanais, isa pa na nagnanais na makalapit? Nang sa gayon masabi ko, kung sakali mang bukas na ang paglisan ko sa dako rito, kung 'yun ang kalooban ng Panginoon, ay masasabi ko po, "Wala akong pananagutang dugo mula sa rebaybal na 'yun. Ginawa ko ang mainam na abot ng makakaya ko, Panginoon. Itinatagubilin ko mismo sa Iyo. Ngayon Iyo ngang . . . ang bawat isa."

<sup>330</sup> Ngayon ilan po rito, ang may sakit at nangangailangan ngayon, at nag-aasam ng panalangin para sa inyong sarili, sige

po't patingin at itaas n'yo ang inyong mga kamay. Sige po, sa lahat ng dako ng gusali nga.

<sup>331</sup> Ngayon hihilingin ko na gawin n'yo ang isang bagay para sa akin. Ngayon kayo po ba'y mga mananampalataya? Ngayon gusto kong gawin n'yo ang isang bagay para sa akin ngayon. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa bawat isa. Sige po't ipatong n'yo lang ang inyong mga kamay mismo sa bawat isa, at ngayon, tingnan n'yo, gusto kong manalangin kayo, sige po't manalangin mismo.

<sup>332</sup> Ngayon alalahanin n'yo, lahat ng dudulog sa pila para sa panalangin bukas, ay kinakailangan na narito nang maaga, at mayroon nang prayer card. Hawakan n'yo lang 'yun diyan sa inyo hanggang sa dumating 'yung oras para sa pila na 'yun. Kung may minamahal kayo sa buhay, sa inyo na mga kapatid na Methodist, Baptist, Presbyterian, sinuman kayo, kung may mga minamahal kayo na may sakit, haya't, kayo—kayo nga'y pumarito kasama sila, dumulog kayo sa pila kasama nila. Kayo nga'y kumuha ng prayer card, dahil. . . Pagkatapos ay dalhin n'yo 'yung prayer card na 'yun sa pila; kokolektahin 'yun ng mga usher. Pupuntahan sila't ipapanalangin.

<sup>333</sup> Naniniwala ako na ang Diyos ay magpapangyari ng ilang dakilang mga bagay bukas. Umaasa akong gagawa Siya. Yan ang dahilan kung bakit nagpapatawag ako ng pagdulog sa may altar, ginagawa ang lahat ng makakaya ko, para makasumpong ng kaluguran sa Kanya.

<sup>334</sup> Ngayon habang lahat tayo'y iniyuyuko natin ang ating mga ulo, sige't lahat po kayo'y manalangin para sa isa't isa. Ngayon sabi nga ng Biblia, "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na mga nananampalataya." Ngayon sige't ipanalangin n'yo ang lalaki o babae na pinapatungan n'yo ng inyong kamay, dahil sila'y nananalangin para sa inyo. Kita n'yo? Hindi sarili n'yo ang ipapanalangin n'yo. Sila po ang ipanalangin n'yo. Ipatong n'yo ang inyong mga kamay sa isa't isa, at manalangin. Sige't ipatong lamang ang inyong mga kamay. Sige po.

<sup>335</sup> Ngayon manalangin kayo gaya ng ginagawa n'yo sa inyong simbahan. Sabihin, "Panginoong Jesus, Iyo pong pagalingin ang kaawa-awa't, kalugud-lugod, na kapatid na babaing ito; ito pong aba't, kalugud-lugod, na kapatid na lalaki; sinuman sila riyon. Sila'y may sakit, Panginoon. At ako—ako'y isang mananampalataya, at susunod ako mismo sa Iyong Salita. At sinasabi ng Iyong salita, 'Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na sumasampalataya. Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, sila'y magsisigaling.' At ang akin ngang mga kamay ay nakapatong sa maysakit, sa taong ito na may sakit, sa kapatid na lalaking ito na may sakit, sa kapatid na babaing ito na may sakit. Ako—ako—ako'y dumadalangin, Diyos,

na Iyong patutunayan ang Iyong Salita, at lalakip nga ang tanda, at sila'y magsisigaling.”

<sup>336</sup> Panginoong Jesus, sila'y idinadalangin ko, at maging ang mga panyong ito; na, sa Pangalan ni Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay Iyong pagagalingin ang bawat isa na nasa Makalangit na Presensya.

<sup>337</sup> Satanas, talunan ka na sa labanan. Nasaksihan na ng mga tao ang Presensya ni Cristo. Narinig na nila ang Salita Niya, nakita na nila Ito na nahayag. Naroon nga sa loob ang mga makasalanan, nag-aasam sila ng kaligtasan. Talunan ka na sa labanan. Lumayas ka mula sa mga taong ito, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Lisanin mo sila, nang sa gayon ay di mo na sila pagdusahin pang muli.

<sup>338</sup> At hayaang ang Diyos ng Langit ay ibangon sila, tungo sa buhay muli, at sa isang mabuting kalusugan at kalakasan. Nawa sila na mga may hawak na mga prayer card ay di na kailanganin pang dumulog dun sa pila para sa pananalangin, bukas. Nawa'y ang Espiritu Santo mismo'y dumaluyong sa kalipunang ito ng mga tao, at pagalingin mismo ang bawat isa sa kanila para sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ngayon sige na, kapatid na lalaki.





*Jehovah-Jireh* <sup>3</sup> TAG64-0404  
(Jehovah-Jireh <sup>3</sup>)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Sabado ng gabi, Abril 4, 1964 sa 4-H Club Barn sa Louisville, Mississippi, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)